ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ISANG DISKURSONG PAG-AARAL NG MGA PILING KANTA NI NOEL CABANGON

Rechel Mae A. Dabon[1],

[1]*ORCID No. 0009-0007-3092-4991*

Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19800
DOI No: 10.36713/epra19800

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga matatalinghagang parirala/sugnay gamit ang morpo-semantikong pamamaraan, gayundin ang pag aanalisa ng mga tema at mensahe ng mga piling kanta ni Noel Cabangon. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang dikursong pagsusuri bilang dulong upang suriin ang limampu't isang (51) piling mga kanta ni Noel Cabangon na nagsilbing korpora sa pag-aaral. Batay sa resulta, apat na morpolohikal na mga katangian ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang affixation, pagpapahaba, panghihiram, at palit-koda. Dagdag pa, limang (5) aspeto naman ng semantika ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang leksikal na kategorya, kahulugan ng konstruksiyon, matatalinghagang salita, komento sa lipunan, at sanggunian sa kultura. Makikita rin sa pag-aaral na ito ang iba't ibang tema at mensahe na siyang tampok sa mga piling kanta ni Noel Cabangon.

MGA SUSING SALITA*: morpo-semantiko, tema at mensahe, kanta ni Noel Cabangon, diskursong pananaliksik*

INTRODUKSYON

Ang wika ay isang sistemang karaniwang ginagamit sa pagsasalita, pagkilos sa tulong ng mga kamay, pagsusulat ng makahulugang simbolo na tumutulong sa mga indibidwal na maipahayag ang taglay nilang saloobin at ideya. Ito ay may mahalagang papel at ginagamit ito para makipagtalastasan sa ibang tao sa pang-araw-araw na buhay, upang iparating ang mensahe, impormasyon, o pakikipagpalitan ng ideya sa iba. Sa ganitong paraan, bawat indibidwal ay may paraan ng pagpapahayag ng kanilang pananaw sa iba. Sa ibang pagkakataon, gumagamit sila ng tula ngunit minsan ay gumagamit sila ng kanta. Hindi maipaghihiwalay ang kanta sa tao, dahil ito ay napakahalaga sa bawat aspeto ng buhay ng tao, tulad ng sining. Gayunpaman, kung minsan, ang kahulugan ng mensahe mula sa liriko ng kanta ay hindi nauunawaan ng tagapakinig dahil sa pagiging komplikado nito (Waruwu et al., 2022).

Sa bansang Indonesia, partikular na sa mga mag-aaral mula sa UIN Syarif Hidayatullah Jakarta ay nakararanas ng klase-klaseng hamon sa pag iintindi ng matatalinghagang wika. Ang mga liriko na gumagamit ng matatalinghagang wika ay maaaring maging mahirap maintindihan ng mga tagapakinig kapag sinusubukan nilang tutokan ang mga ito. Ang hamong ito'y nagmumula sa hindi direktang interpretasyon ng mga kahulugan ng liriko, ang pagiging kumplikado ng pag aanalisa sa mga nakatagong mensahe, at ang pakikibaka sa pag iintindi sa nilalaman ng pahayag kung saan binuo ng kompositor. Nakikitang malaki ang nagiging hadlang dahil sa kahirapang ito nagiging hadlang sa kakayahan ng tagapakinig na lubusang pahalagahan at maintindihan ang nilalaman ng kanta (Muhammad et al., 2021).

Sa Pilipinas partikular na sa Compostela West District, Division of Davao de Oro, natuklasan ng mga estudyante sa Baitang 10 sa asignaturang Pandaigdigang Panitikan na kailangan nila ng gabay sa pag-unawa ng mga matatalinghagang salita dahil wala silang sapat na kasanayan sa panitikan na magagamit nila upang maipaliwanag ang elemento ng gramatika sa paraang akademiko, na magkakaloob sa kanilang kakayahang maunawaan ang mga estruktura at kahulugan ng mga akda at awit (Saure & Jancinal, 2024). Ayon naman kay Thi, kinakailangan ng suporta ng mga estudyante sa pag-unawa ng matatalinghagang salita dahil nahihirapan silang intindihin ang orihinal na teksto at makahanap ng mga salitang tumutugma sa target na wika. (Thi, 2020).

Korea mula sa mga seryeng K-Drama (Ordoyo et al., 2021).
Ang mga kanta ay may malaking kontribusyon sa lipunan dahil nagbibigay ito ng ekspresyon at komunikasyon na naglalaman ng mga mensahe, emosyon, at karanasan ng mga indibidwal. Ang pag-aaral ng matatalinghagang sugnay o parirala sa kanta gamit ang morpolohikal na pamamaraan ay napakahalaga sapagkat nagpapalalim ito ng ating pag-unawa sa tradisyon at identidad mula sa isang lipunan. Ang pagsusuri na ito'y mahalaga lalo na sa isyung panlipunan dahil sinasaliksik nito ang pagkakakilanlan ng kultura at komentaryo sa lipunan na matatagpuan sa musika ni Cabangon. Ang kanyang mga awitin ay madalas na tumatalakay sa mga pangunahing isyu tulad ng kahirapan, kawalan ng hustisya, at karapatang pantao sa lipunang Pilipino. Ang pagsusuri sa kanyang mga kanta ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

nagiging daan upang talakayin ang mahahalagang usapin, pasiglahin ang aktibismo, at palalimin ang pag-unawa sa musikang Pilipino bilang isang anyo ng sining na nagtataguyod ng edukasyon, kamalayan, at aktibong pakikilahok ng komunidad.

Bagamat may nauna ng mga pananaliksik na tumatalakay sa pagsusuri tungkol sa matatalinghagang salita sa mga kanta, tulad sa ginawa ni Hasanah (2022) kung saan sinuri niya lahat na mga ginamit na tayutay sa mga kantang "Insyaallah", "*Hold my hand*", "*Palestine will be free*" by Maher Zain at sa pag-aaral naman na ginawa ni Sa'idah (2023) kung saan mas sinuri niya ang mga tayutay na ginamit sa *The Four (deluxe) Album by One Direction* sa estilistikang pamamaraan kung saan may ginamit silang formulasyon na nakatuon ang pagsusuri ng emosyon na siyang nakakapagkuha ng interes sa mga mambabasa. Gayundin sa pag-aaral ni Halu (2021) na kung saan sinuri nito ang pinakamahalagang uri ng tayutay na ginamit sa kantang "*Thank U, Next*" ni Araina Grande. Gayunpaman nilalayon pa rin ng tagapagsaliksik na pag-aralan ang iba't ibang ginamit na matatalinghagang parirala o sugnay sa morpolohikong pamamaran ang mga kanta ni Noel Cabangon. Binibigyang-pansin ang estruktura, kayarian at paraan ng pagkakabuo ng mga matatalinghagang parirala/sugnay na ginamit sa kanta. Masuri maging ang kahulugan, mensahe at tema ng bawat salita upang makapagbahagi ng masusing kaalaman at pag iintindi ng mga salitang madalas nagkakaroon ng maling paggamit at interpretasyon dahil ng kakulangan sa kaalaman.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, layunin ng tagapagsaliksik na ibahagi lahat ng kanyang natuklasan sa mga guro at iba pang mananaliksik, upang ipalaganap ang pang-unawa sa lingwistikong pamamaraan. Upag maisakatuparan ito, isasagawa ang sari-saring pampublikong talakayan para maibahagi lahat ng natuklasan sa mas malawak na madla, na magpapalakas sa interdisiplinaryong pagsasalitan ng kaalaman. Gamit ang *digital* at *social media platforms*, inaasahang maabot ang mas malaking komunidad, ibahagi ang nilalaman at mensahe na hango sa mga kanta ni Noel Cabangon ay mas magiging mabisa. Gamit ang mga nabanggit na paraan, layunin ng pananaliksik na magbigay-daan sa mas malawakang pang-unawa at pagpapahalaga sa kahalagahan ng matatalinghagang salita sa sining ng musika.

Layunin ng Pag-aaral

Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong magsagawa ng diskursibong pagsusuri gamit ang morpolohikal na pamamaraan sa mga matatalinghagang parirala o sugnay na makikita sa mga kanta ni Noel Cabangon. Layunin nitong maipaliwanag ang mga tema, mensahe, at pangyayaring inihahatid lahat ng awitin. Sa paraang ito, nabibigyang-daan ito ng mas malalim na pag iintindi at pagpapahalaga sa musika pati na rin sa kulturang isinasalaysay ng bawat kanta.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, bilang dulong, ang dalawang pangunahing katanungan sa pananaliksik ang magsisilbing batayan upang matumpok ang layunin ng gagawing pag-aaral:

1. Ano-ano ang mga morpo-semantik na matatalinghagang parirala/sugnay sa mga kanta ni Noel Cabangon?
2. Ano-ano ang mga pangunahing mensahe at tema na ipinapahayag ng mga piling na kanta ni Noel Cabangon?

METODO

Disenyo

Sa pananaliksik na ito, gagamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pagsusuri na nakatuon sa Diskursong Pagsusuri *(Discourse Analysis)*. Ang kwalitatibong pamamaraan ay binubuo ng pangangalap at pagsusuri ng mga datos na hindi batay sa numerikal na anyo (tulad ng teksto, video, o audio) upang mas maunawaan ang mga konsepto, pananaw, at karanasan (Bhandari, 2020). Ang ganitong disenyo ay isang paraan ng pagsusuri na gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang maintindihan at maipaliwanag ang mga kaganapan o suliranin na nagaganap sa ating kapaligiran. Binubuo ito ng pagsusuri ng mga dokumento, pagsasagawa ng mga panayam, at pagmamasid sa mga kalahok. Sa tulong ng mga metodolohiyang ito, maaaring makuha ang mas malalim na kaalaman at masusing pang-unawa hinggil sa isang partikular na paksa o konteksto (Creswell at Poth, 2018).

Ang kwalitatibong pagsusuri ay naglalayong mangalap at mag-analisa ng mga datos na hindi numerikal tulad ng mga pananaw, ideya, at interpretasyon. Layunin nito na makabuo ng mas malalim na pag-unawa ukol sa mga problema. Kaya't gagamitin ang kwalitatibong pagsusuri sa pag-aaral na ito upang maipaliwanag ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag at mga morpo-semantikong aspeto ng mga awitin ni Noel Cabangon. Ang mga datos na makokolekta sa tulong ng metodolohiyang ito ay gagamitin upang magbigay-liwanag sa mga mensaheng ipinapahayag ng kanyang musika at makabuo ng malinaw na interpretasyon at konklusyon.

Tampok sa kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral na ito ang paggamit ng Diskursong Pagsusuri (DA). Ang Diskursong pagsusuri ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang pag-aralan ang sinulat o sinabi na wika na may kaugnayan sa sosyal o panlipunang konsepto. Ang layunin nito ay maunawaan kung paano ginagamit ang wika sa tunay na buhay na sitwasyon. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri ng diskurso, sinusuri nito ang paraan kung paano gumagana ang wika at kung paano nabubuo ang kahulugan sa iba't ibang konteksto ng lipunan. Kung gayon, ito ay may malaking tulong sa pagkilala at pagsuri sa mensahe ng mga kanta na maitatala ng mananaliksik (Lou, 2020)

Kaya sa pagsusuri na ito, gagamitin ang kwalitatibong pag-aaral na nagtatampok sa diskursong pagsusuri upang makalikom ng mga estratehiya at paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga mensahe na nakapaloob sa mga piling kanta ni Noel Cabangon. Ang diskursong pagsusuri ang magbibigay daan upang maunawaan ang estruktura at ang mga salitang ginagamit na may kanya-kanyang kahulugan sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Sa tulong ng diskursong pagsusuri, maaaring suriin ng mananaliksik ang matatalinghagang parirala/sugnay, mensahe, emosyon, implikasyon, at kung ano ang pinagmulan ng isang awitin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Kagamitan sa Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito ang mga naitalang parirala ay nanggaling sa mga piling kanta ni Noel Cabangon na mula sa masusing pag oobserba at pagmamasid ang siyang gagamitin bilang materyales sa pagsusuri.

Upang masiguro ang katiyakan ng mga datos na makakalap, susundin ng mananaliksik ang mga ginamit na paraan ni Susanti (2016). Una kinakailangan na ang mga kanta mismo ay nagmula sa Isang sikat na manunulat na si Noel Cabangon at isasaklasipika ito sa dalawang pangunahing aspeto, ito ay ang pagsusuri ng mga matatalinghagang salita at alamin ang kahulugan nito at mensahe mismo ng buong kanta. Pangalawa, kinakailangan na ito ay original na mga kanta mismo ni Noel Cabangon. Ikatatlo, ang mga datos ay kinakailangang maitala sa eksaktong panahon at tagal na isinasaad ng mananaliksik, partikular sa taong 2024.

Kaugnay nito, ang mananaliksik ay gagamit ng paraan bilang instrumento sa pangangalap at pagbuo ng datos. Ayon kina Lou (2019), ito ay isang proseso ng pananaliksik na nakatuon upang tukuyin ang mga pinagkunan sa nakarekord na interaksyon o komunikasyon. Sa tulong ng pagsusuring nilalaman (content analysis), sistematikong kinokolekta ang mga impormasyon mula sa isang kalipunan ng mga dokumento, maaaring nakasulat, pasalita, o biswal. Sa madaling sabi, ang pagsusuring nilalaman ay isang metodolohiyang nakatuon sa pagsusuri ng isang kalipunan ng teksto, imahe, at simbolo na hindi nangangailangan ng pananaw mula sa tagapagpahayag (Krippendorff, 2004).

Bilang tugon sa content analysis technique na gagamitin sa pagsusuri, ang mananaliksik ay bubuo ng mga pamantayan upang maging angkop ang mga korporang gagamitin: a) Malalim na Pagsusuri ng Nilalaman: Isa sa mga pamantayan para sa pananaliksik ng mga sikat na kanta ni Noel Cabangon ay ang malalim na pagsusuri ng nilalaman ng mga liriko, tema, at mensahe na ipinapahayag sa kanyang mga kanta; b) Ito rin ay nangangailangan ng malapit na pagsusuri sa mga salita, parirala, at mga metapora na ginagamit sa mga kanta upang maunawaan ang kanilang tunay na kahulugan at ang mga emosyon na kanilang binibigyang-diin.

Samakatuwid, ang content analysis technique ay angkop na paraan sa pagpili ng korpora o material na gagamitin sa gagawing pag-aaral dahil particular na may pokus ang pag-aaral na siyang layunin ng pananaliksik. Ang mananaliksik ay naglalayon na masuri ang pangunahing mensahe at tema sa mga kanta ni Noel Cabangon at maging ang epekto nito sa tagapakinig at sa lipunan. Ang mga pamantayang inilahad ang magiging gabay sa pagsasagawa ng kaparaang ito.

Ang isang korporasyon ay itinuturing na sapat na krayterya kapag natutugunan nito ang mga pamantayan sa pagsasama sa kwalitatibong pananaliksik, ayon sa pahayag nina Clark at Braun (2013). Inihayag nila na ang bilang ng 10-100 na materyal sa pananaliksik ay sapat para sa pagsusuri ng diskurso, at ang pinakangkop na bilang na sinusuri ay 50+1, na may kinalaman sa isang yunit ng pagsusuri. Bagamat maaaring magbigay ng malabo o hindi eksakto na larawan ang bilang na 50-100, ang rasyonalisasyon ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng sapat na datos upang maipakita ang iba't ibang antas ng anyo ng salita.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Ayon kay (Creswell, 2013) ang kwalitatibong pananaliksik ay kinakailangang makakuha at makalikom ng mga datos sa sistematikong paraan upang masiguro ang kabisaan, katumpakan at ikatatagumpay ng pananaliksik. Kung kaya, susundin ng mananaliksik ang iminungkahi ni Cresswell at sisiguraduhing maisakatuparan ng maayos ang proseso ng datos. Ito ay isinasagawa gamit ang mga hakbang na inaasahan para makalikom at makakuha ng datos bago isagawa ang pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta ng pananaliksik.

Ang unang hakbang na gagawin ng mananaliksik ay ang paghahanay at pag-oorganisa sa mga prosesong gagawin sa pangongolekta at pagtatala ng mga datos.

Ikalawang hakbang sa pag-aaral na ito ay ititipon ng mananaliksik lahat ng mga kantang napabilang sa susuriin, at gagamitan ng Diskursong Pagsusuri (DA). Tutukuyin ng mananaliksik ang mga matatalinghagang parirala/sugnay, nilalaman, mensahe at implikasyon sa mga napiling kanta. Pagkatapos suriin ang mga datos, bibigyan ng mananaliksik ng pagpapakahulugan o interpretasyon kung papaano ginagamit ang bawat salita at kung ano ang kahulugan bawat isa at sa pangkalahatan.

Pang huling bahagi ng pananaliksik, babalikan at susuriin muli ng mananaliksik ang mga datos at lahat ng interpretasyon ng mga sagot sa mga tanong ng pananaliksik. Layunin nito na makabuo ng konklusyon at rekomendasyon para sa mga susunod na pananaliksik at upang matukoy kung mayroong mga pagkakamali sa pagsusuri na dapat mabago kaagad. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay susuriin at i-evaluate ng isang *Research Analyst* upang matiyak na walang *bias* sa mga tugon sa pananaliksik at upang ma-validate ang tamang pananaw at konklusyon ng mananaliksik.

Pag-aanalisa sa Datos

Ang lahat ng datos sa pag-aaral na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa mga matatalinghagang parirala/sugnay, kahulugan at mensahe sa mga piling kanta ni Noel Cabangon.

Ang pagsusuri ng kwalitatibong datos (*Qualitative Data Analysis o QDA*) ay ang proseso ng pag-ayos, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga kwalitatibong datos, hindi numerikal, konseptwal na impormasyon, at puna ng mga gumagamit upang hulihin ang mga tema at padrino, sagutin ang mga tanong ng pananaliksik, at matukoy ang mga hakbang na dapat gawin upang mapabuti ang inyong produkto o website (Noble at Smith, 2014). Upang ganap na maisagawa ang gawain sa pagpili, pagtukoy at pagsusuri ng mga datos sa napiling korpora ng pag-aaral na ito. Unang hakbang, pagtukoy sa yunit ng pag-aanalisa kung saan ang mga salita o pahayag na nakalap mula sa mga piling kanta ang datos na susuriin sa pag-aaral na ito. Upang masagot ang unang katanungan ng pananaliksik na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ano-ano ang mga morpo-semantik na matatalinghagang parirala/sugnay sa mga kanta ni Noel Cabangon ay gagamitin ng mananaliksik ang teoryang *Lexical Semantic*" ni Andreou (2017) para sa pagsusuring morpho-semantic upang ma klasipika at mabigyan ng kahulugan ang mga salitang ito.

Para naman masagot ang ikalawang katanungan na ano-ano ang mga pangunahing mensahe at tema na ipinapahayag ng mga piling na kanta ni Noel Cabangon ay lilikomin ng mananaliksik ang unang datos na sumagot sa unang katanungan upang makabuo siya ng pag-aanalisa.

Ang pang tatlong hakbang ay ang pagrebyu at paggawa ng konklusyon. Dito ilalahad ng mananaliksik ang kanyang interpretasyon at konklusyon mula sa pagsusuring isinagawa tungkol sa kanta ng sikat na manunulat na si Noel Cabangon. Batay sa mga resulta ng data na nakalap ng mananaliksik, susuriin niya ito gamit ang mga tanong ng pananaliksik bilang gabay upang maipahayag ang mga sagot gamit ang sariling opinyon, na batay sa malawak na konteksto ng pag-unawa at pag-susuuri ng mga tema, mensahe at kahulugan ng mga kanta.

Sa pagsunod sa mga hakbang, maisasakatuparan ng mananaliksik ang layuning mabigyan ng kasagutan ang mga tanong at maibahagi ang konklusyon at rekomendasyong mailalahad gamit ang mga datos na susuriin.

Pagtitiwala sa Kawastuhan ng Pag-aaral

Upang matugunan ang kredibilidad sa kwalitatibong pananaliksik na ito, ang pagtitiwala sa kawastuhan ng pag-aaral ay pahahalagahan ng mananaliksik. Ayon kina Lincoln at Guba (1985) na binanggit ni Shenton (2004), ang pagtitiwala sa kawastuhan ay kinabibilangan ng apat na krayterya na nangangailangang pagtuonan ng pansin. Una, halaga sa katotohanan para sa kredibilidad, ikalawa pagiging akma para sa paglilipat, ikatlo hindi pagbabago para sa pagkamaasahan at ang panghuli neutralidad para sa pagpapatunay.

Ang kredibilidad ay tumutukoy sa pagiging mapagkakatiwalaan at mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ito ay naglalaman ng pagtatatag ng katotohanan at katunayan ng mga datos, pagsusuri, at interpretasyon. Upang tiyakin ang kredibilidad, dapat gamitin ng mga mananaliksik ang mga mahigpit na paraan ng pagkolekta ng datos, panatilihing transparent ang proseso ng pananaliksik, at itatag ang pagiging reflexive ng mananaliksik (Lincoln at Guba, 1985).

Ang pagpapanatiling mapagkakatiwalaan sa kwalitatibong pananaliksik ay nangangailangan ng ilang konkretong hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang triangulation, na kung saan ginagamit ang iba't ibang mga pinagmulang datos, paraan, o perspektiba upang patunayan ang mga natuklasan. Ang pamamaraang ito ay nakakatulong sa pagtatatag ng konsistensiya at katatagan ng mga resulta. Bukod dito, magiging reflexive ang mananaliksik para sa kredibilidad. Ang mananaliksik ay magpapamalas ng pagmumuni-muni sa kaniyang mga *bias*, mga pag-aakala, at mga halaga na maaaring makaapekto sa proseso at mga natuklasan sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagkilala at pag-address sa mga *bias* na ito, maaaring mapabuti ng mananaliksik ang transparensya at kredibilidad ng kanilang trabaho.

Ang kumpirmabilidad ay tumutukoy sa kawastuhan at neutralidad ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ito ay nakatuon sa antas ng pagiging maingat sa pagsusuri ng datos kaysa sa pagkakaroon ng sariling pananaw o kuro-kuro ng mananaliksik. Nararapat na itala ng mananaliksik ang bawat desisyon, mga hakbang sa pagsasagawa ng pag-aaral, at hikayatin ang peer consultation upang mapahusay ang pagiging mapananaligan (Barrett et al., 2002).

Ang kumpirmabilidad, ay maaaring matugunan din sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Ang *reflexivity* ay naglalaro ng mahalagang papel dito. Dapat magdokumento ang mga mananaliksik ng kanilang mga *bias*, mga pag-aakala, at mga proseso ng paggawa ng desisyon upang mapabuti ang kumpirmabilidad ng mga natuklasan. Ang ganitong praktis ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa at mga reviewer na maunawaan ang perspektiba ng mananaliksik at ang posibleng impluwensya sa pananaliksik.

Ang kakayahan sa paglilipat o transperabilidad ay tumutukoy sa antas ng pagiging aplikable o mapapalawak ng mga natuklasan sa iba pang mga konteksto o kalagayan. Ito ay naglalaman ng pagbibigay ng malalim at detalyadong paglalarawan ng konteksto ng pananaliksik, mga kalahok, at mga paraan upang mapahusay ang kakayahang suriin ng mga mambabasa ang kahalagahan ng mga natuklasan sa kanilang sariling sitwasyon (Morse, 2015).

Upang tugunan ang kakayahan sa paglilipat, maaaring gamitin ng mananaliksik ang mga tiyak na hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang pagbibigay ng malalim na paglalarawan ng konteksto ng pananaliksik at mga paraan. Ang mga detalyadong paglalarawan na ito ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na suriin ang aplikabilidad at kahalagahan ng mga natuklasan sa iba pang mga konteksto. Bukod dito, dapat maingat na piliin ng mananaliksik ang mga kinakailangan na datos upang maging malinaw at maayos ang magiging resulta nito.

Ang pagkamaasahan ay tumutukoy sa katatagan at konsistensiya ng mga natuklasan sa pananaliksik sa paglipas ng panahon. Ito ay naglalaman ng pagdokumento at pagtiyak ng pagiging transparent ng proseso ng pananaliksik, kasama ang mga paraan ng pagkolekta, pagsusuri, at interpretasyon ng datos. Dapat magtatag ng malinaw na mga protocol at pamamaraan ang mga mananaliksik upang mapabuti ang dependability ng kanilang pananaliksik (Lincoln at Guba, 1994).

Ang pagkamaasahan ay maaari ding makamit sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Isa sa mahalagang hakbang ay ang pagpapanatili ng isang audit trail, na kung saan kasama ang detalyadong talaan ng proseso ng pananaliksik, kasama ang pagkolekta ng datos, pagsusuri, at interpretasyon. Ang transparensiyang ito ay nagbibigay-daan para maibalik at ma-verify ng iba ang pananaliksik, na nagpapataas ng dependability. Ang peer debriefing ay isa pang hakbang na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

maaaring gamitin. Sa pamamagitan ng paghingi ng input at tugon mula sa ibang mga mananaliksik o mga eksperto sa larangan, maaaring matiyak ng mga mananaliksik na ang kanilang mga interpretasyon at konklusyon ay maaasahan at may matibay na batayan.

RESULTA

Inilalahad ang mga resulta sa pag-aaral sa kabanatang ito hinggil sa diskursong pag-aanalisa sa mga matatalinghagang parirala/sugnay sa mga piling kanta ni Noel Cabangon. Ang 51 na kantang nakalap mula sa masusing obserbasyon ay sinuri batay sa teorya ni Pustejovsky at Boguraev (1995) upang masusi ang morpo-semantik na mga salita. Ang paggawa at pangangalap ng mga datos na gagamitin bilang korpora ay nakasentro at nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik.

1. Ano-ano ang mga kulturang Koreano na ipinakikita sa mga piling Korean Drama na makikita sa kulturang Pilipino?
2. Ano ang mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa panonood ng Korean Drama?

Bawat salita o pahayag mula sa mga datos bilang korpora ay sinuri ayon sa katangian kung papaano nabubuo at nagtataglay ng kahulugan ang bawat salita batay sa bahagi at deskripsyon o ayos ng nabubuong mga salita. Ang bahagi ng mga salita ay tumutukoy sa mga kasamang parte, pantig at morpema ng isang panibagong salita. Samantalang ang deskripsyon o ayos naman ay tumutukoy sa konsepto o uri ng isang panibagong salita. Kung gayon ang mga halimbawa ng matatalinghagang parirala/sugnay na salita ay ipinakita ang kadalasang ginagamit at sinasalita sa aspekto ng pakikipagkomunikasyon o pagbibigay mensahe.

Talahanayan 1
Morpolohiya na Katangian ng mga Piling Kanta ni Noel Cabangon

Morpolohikal na mga Bahagi	Sample	Analisis
Affixation	May nagmamahal sa iyo **(SL_10)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pangako ng pagmamahal, kahit mangyari man ang masakit na pag-iwan. Ang salitang "nagmamahal" ay halimbawa ng affixation dahil ito ay binubuo ng unlaping "nag-" na nagpapahiwatig ng aktibong pagkilos o estado ng pagmamahal.
	Baka sakaling merong tono, bigla na lang umusbong **(SL_12)**	Nagpapahiwatig ito ng pag-asa na magkaroon ng inspirasyon o ideya. Ang salitang "umusbong" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "um-", na nagpapahiwatig ng isang aktibong pangyayari o biglaang paglitaw.
	Mayrong lungkot sa yong mga mata **(SL_13)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng kalungkutan sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa mata ng tao. Ang salitang "mayrong" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "may-", na nagpapahiwatig ng pag-aari o pagkakaroon.
	Awitin ng damdamin ko sa iyo maiiwan **(SL_15)**	Nagpapahayag ito ng paglilinis ng damdamin sa pamamagitan ng musika o awitin. Ang salitang "maiiwan" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "ma-", na nagpapahiwatig ng isang posibleng pangyayari sa hinaharap.
	Ang bawat tibok nito'y may kakaibang nadarama **(SL_24)**	Ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng damdamin o pakiramdam na hindi madaling maipaliwanag. Ang "nadarama" ay binubuo ng unlaping "na-", na nagpapahiwatig ng karanasan o nakaraang pangyayari, at ng salitang ugat na "damá". Ito ay halimbawa ng affixation dahil sa pagdaragdag ng affix na "na-" na naglalaman ng kahulugan ng naramdamang emosyon o karanasan.
	Kung wala naming paghahandugan **(SL_27)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng kakulangan o kawalan ng pagpapahalaga. Ang salitang "paghahandugan" ay halimbawa ng affixation dahil sa paglalagay ng unlaping "pag-", na nagpapahiwatig ng kilos o estado ng paggawa ng isang bagay.
	Sa iisang kalawakan magniningning **(SL_28)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagbibigay ng katangian sa kalawakan na magniningning. Ang salitang "magniningning" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "mag-", na nagpapahiwatig ng pagkilos o pagtupad ng isang bagay.
	Kagipita'y hindi nila iniinda **(SL_30)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng tapang at dedikasyon sa kabila ng mga paghihirap. Ang salitang "iniinda" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "ini-", na nagpapahiwatig ng patuloy na pagtitiis o pagtanggap sa isang mahirap na sitwasyon.
	Mundo ko'y halos tumigil sa kaiisip sayo **(SL_37)**	Ito ay isang ekspresyon ng pagmamahal na nagpapahayag ng labis na pag-iisip sa isang tao. Ang salitang "kaiisip" ay halimbawa ng affixation sapagkat ang unlaping "ka-" ay nagdadagdag ng kahulugan ng matinding pag-iisip o patuloy na iniisip ang isang bagay o tao.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	Nakikiusap sa buwan **(SL_41)**	Ang pariralang "nakikiusap sa buwan" ay isang ekspresyon ng desperasyon. Ang salitang "nakikiusap" ay halimbawa ng affixation dahil sa unlaping "nakiki-", na nagpapahiwatig ng pakikiisa o aktibong pagsisikap na makipag-usap sa isang bagay na hindi makapagsasalita o magbibigay ng tulong, tulad ng buwan.
	Sila ang tunay na pinagpala **(SL_48)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng biyaya o pagpapalang banal. Ang salitang "pinagpala" ay halimbawa ng affixation sapagkat binubuo ito ng unlaping "pinag-", na nagpapahiwatig ng isang pagkilos na nagresulta sa biyaya o pagpapala.
Pagpapahaba (*Compounding*)	Tuloy pa rin ang awit ng buhay ko **(SL_4)**	Ang paggamit ng "tuloy pa rin ang awit ng buhay ko" ay nagpapahiwatig na patuloy ang pag-asa o paglalakbay sa kabila ng mga pagbabago. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat itoy nagpapakita ng dalawa o higit pang mga salita upang magbigay ng mas komprehensibong paglalarawan.
	At di mo malimutan kung kailan mo natikman ang una mong halik/Ang tamis ng iyong halik **(SL_7)**	Ang paggamit ng "natikman ang una mong halik" at "ang tamis ng iyong halik" ay nagpapahiwatig ng pagmamahal at pagpapahalaga sa mga unang karanasan ng pag-ibig. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang mga pariralang "una mong halik" at "ang tamis ng iyong halik" ay nagpapakita ng pagpapahaba sa pamamagitan ng paggamit ng dalawang salita upang magbigay ng mas detalyadong kahulugan.
	Binibini, ang aking dalangi't dasal **(SL_8)**	Ang paggamit ng “binibini, ang aking dalangi’t dasal” ay hindi ito tuwirang nagsasaad ng kahulugan. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat pinagsama nito ang dalawang salita upang makabuo ng isang bagong kahulugan
	Sa akin pang minanang piyano, tikladoy pilit nilaro **(SL_12)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagtangka ng paglikha ng musika sa pamamagitan ng pagtugtog ng piyano, bagaman may halong pilit at hindi tiyak na kakayahan. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang salitang "tikladoy" ay pagpapahaba ng salitang "tiklado" at ang "pang minanang piyano" ay pagdaragdag ng mga salitang nagpapalawak ng kahulugan.
	Tulad ng isang ibon, tao ay lumilipad **(SL_17)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng paghahambing sa tao sa isang ibon na lumilipad, na nagpapahiwatig ng pag-asa at layunin na maabot ang mga pangarap. Ito ay isang halimbawa ng pagpapahaba sapagkat binubuo ito ng dalawang salita "tulad ng" upang magbigay ng mas malalim na kahulugan.
	Kayod kabayo, kayod barya **(SL_18)**	Ito ay isang idyoma na nagpapahiwatig ng masigasig na pagtatrabaho. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang salitang "kayod kabayo" ay nagmula sa "kayod" (pagpapagal) at "kabayo" (hayop) na nagbibigay ng kahulugan ng masigasig na pagtatrabaho ay ginawang isa upang makabuo ng mas malalim na kahulugan.
	Damit kong dala'y pinulot ko pa **(SL_23)**	Ang pariralang ito ay binubuo ng mga salitang "damit" at "kong" na nagpapahaba ng pandiwa. Sa halip na sabihin lamang na "damit ko," idinagdag ang "kong" upang magbigay-diin o pagpapahaba sa pangungusap.
	Naghahanap ng makakasama at karamay sa aking pag-iisa **(SL_27)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagnanais na magkaroon ng kasama. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba dahil sa pagsanib ng mga salitang “makakasama” at “karamay”.
	Ang mga pangarap ko'y kay hirap abutin **(SL_39)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng hindi pagiging madali o pagkakaroon ng mga hadlang sa pag-abot sa mga pangarap. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng isang ideya ng kahirapan sa pag-abot sa mga pangarap, at ang pagpapahaba ay nagpapalalim sa kahulugan ng pangungusap.
	Parang 'sang kandila na nagdadala ng ilaw at liwanag **(SL_42)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng isang metapora para sa pagkakaroon ng pag-asa o liwanag sa buhay. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang salitang "ilaw" at "liwanag" ay pinagsama upang mabuo ang isang bagong kahulugan, na nagpapahiwatig ng kabuuan o kumpletong anyo ng pag-iral ng liwanag.
	Katulad ng pag-ibig mong mapaglaro **(SL_46)**	Ang pariralang ito ay nagpapakita ng di-pagkakatumpak-tumpak o di-pagkakatiwala sa pagmamahal. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ang salitang "mapaglaro" ay binubuo ng mga salitang "mapag-" na nagpapahiwatig ng pagiging kawani o may kakayahan, at "laro" na nangangahulugang palaruan o laro. Ang pagkakapagsama ng dalawang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	Sana sa ulap na lang manatili **(SL_49)** Sang maleta ng karanasan **(SL_51)**	salita ay nagbubuo ng isang bagong kahulugan na nagpapahiwatig ng pagiging kawani o mahilig maglaro. Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pagnanais na hindi magtagal o manatili sa kasalukuyang sitwasyon o kalagayan. Ito ay halimbawa ng pagpapahaba sapagkat ito ay binubuo ng dalawang salita: "sana" (pag-asam o pagnanais) at "ulap" (malambot na pormasyon ng tubig sa langit). Ang pagkakapagsama ng dalawang salita ay nagbibigay ng bagong kahulugan na tumutukoy sa pagnanais na tumakas o magtago. Ang salitang "maleta ng karanasan" ay binubuo ng dalawang salita, "maleta" at "karanasan", na pinagsasama upang lumikha ng bagong kahulugan. Ang "maleta" ay tumutukoy sa isang bag na karaniwang dala sa paglalakbay, samantalang ang "karanasan" ay nangangahulugang mga personal na karanasan o mga pangyayari. Sa ganitong paraan, ang pagpapahaba ay nagpapalawak ng kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagsasama ng dalawang salita.
Panghihiram (*Borrowing*)	Sampo man aking diksyonaryo, kung merong tugma'y 'di wasto **(SL_12)** Ang simoy ng hangin ay may pag-asang dala-dala **(SL_24)** Ang batis ng pag-ibig diyan sa puso mo **(SL_25)** Ang araw ko'y nabusisi, ako ang nasisi **(SL_26)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pag-aalinlangan kung anuman ang makuha sa pagsusulat ay maaaring hindi sapat. Ito ay halimbawa ng panghihiram sapagkat ang salitang "diksyonaryo" ay hiram sa Ingles (*dictionary*). Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng positibong pananaw sa hinaharap na dala ng simoy ng hangin. Ang salitang "simoy" ay maaaring hiram na salita mula sa Espanyol ("soplo") na nangangahulugang hangin o ihip ng hangin. Sa Filipino, ito ay ginagamit upang ilarawan ang kilos o galaw ng hangin. Ang pariralang ito ay tumutukoy ito sa punong-kahoy ng pagmamahal o pag-ibig na umuusbong sa puso ng minamahal. Ang salitang "batis" ay maaaring hiram na salita mula sa Espanyol ("río") na nangangahulugang ilog. Ito ay ginagamit upang ilarawan ang pag-usbong o pagtubo ng pag-ibig. Ang pariralang ito ay nagpapakita ng pakiramdam ng pangungulila o pagkakasala sa sarili dahil sa hindi magandang pangyayari. Ito ay halimbawa ng panghihiram dahil sa paggamit ng "nabusisi" mula sa Espanyol na "busisi".
Palit-koda (*Code Switching*)	Makuha mo pa kayang **(SL_1)**	Ang paggamit ng "makuha mo pa kayang" ay nagbibigay ng di-tuwirang tanong o pag-aalinlangan sa kakayahan o pagkakataon. isa itong halimbawa ng palit-koda, sapagkat ang regular na pagkakabuo ng salita ay binago upang bigyang-diin ang di-tuwirang tanong o pag-aalinlangan.

Talahanayan 1.2
Semantika

Aspeto ng Semantika	Sample	Analisis
	Tulad ng pag-agos mo, 'di mapipigil ang puso kong nagliliyab **(SL_3)** Noong nakilala mo ang una mong sinta **(SL_7)** Pusong kay tamis, Kailan ma'y 'di kita matitiis **(SL_13)**	Ang paghahambing ng pag-agos ng ulan sa damdamin ng puso ay isang simbolikong paraan ng paglalarawan ng pagmamahal at pag-asa. Ang "pag-agos" ay nagtutukoy sa literal na daloy ng ulan, samantalang ang "puso kong nagliliyab" ay nagpapahiwatig ng emosyon at damdamin. Ang pariralang ito ay nagbibigay ng kalaliman at damdamin sa paglalarawan ng mga karanasang emosyonal na may kinalaman sa pag-ibig at pagmamahal. Sa leksikal na kategorya ang "una mong sinta" ay isang pagtukoy sa unang pag-ibig o romantikong relasyon ng isang tao. Ang pahayag na ito ay nagpapahayag ng isang matibay na pangako ng pagmamahal at katatagan, na may kasamang pangako na hindi maglalaho ang pagmamahal sa kabila ng mga pagsubok. Ang mga salitang "puso," "tamis," at "matitiis" ay tumutukoy sa damdamin at kilos.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Leksikal na Kategorya (*Lexical Categories*)	Malayo pa ang umaga **(SL_16)**	Ang "umaga" ay hindi lamang literal na tumutukoy sa panahon ng araw na sumisikat kundi maaari ring simbolo ng pag-asa o bagong simula. Ang pagsasabi na "malayo pa" ay nagpapahiwatig na may pag-aantay at pag-asa na hindi pa nagaganap. Ang salitang “umaga” sa pariralang ito ay nagsisilbing pangngalan.
	Sa gitna ng dilim **(SL_21)**	Ito ay isang pahayag na nagpapahiwatig ng lugar o sitwasyon na puno ng kadiliman o kawalan ng liwanag. Ang salitang “sa gitna ng” sa pariralang ito ay isang halimbawa ng pang-ukol habang ang salitang “dilim” naman sa pariralang ito ay halimbawa ng pangngalan.
	Mapanlinlang at di lang minsan nagtaksil **(SL_25)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng di-tapat o mapanlinlang na kilos. Ang salitang “mapanlinlang” ay halimbawa ng pang-uri, samatalang ang salitang “di lang minsan” ay halimbawa ng pang-abay at ang huling salita kung saan ito ay “nagtaksil” ay halimbawa ng pandiwa.
	Sing tatag ng puno sa gitna ng sigwa **(SL_29)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng tapang at lakas sa harap ng pagsubok. Kung saan ang salitang "sing tatag" ay halimbawa ng pang-uri samantalang ang salitang “sa gitna ng sigwa” ay halimbawa ng pang-ukol.
	Anhin pa ang kayamanan, luho at karangalan **(SL_35)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng halaga ng pag-ibig sa kabila ng materyal na bagay. Ito ay halimbawa ng pagmamalabis sapagkat ang pariralang ito ay pinalalakas ang kahalagahan ng pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa ibang bagay.
	Inalay mo sa akin ang gabing walang hangganan **(SL_41)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagbibigay ng espesyal na regalo o karanasan. Kung saan ang salitang “inalay mo” ay isang halimbawa ng pandiwa samantalang ang salitang “sa akin” naman ay halimbawa ng pangngalan.
	Nganong damguhon ko ikaw **(SL_44)**	Ang pariralang ito ay nagpapakita ng pagtataka o pagtatanong kung bakit hindi matigil-tigil ang pag-iisip sa isang tao. Kung saan ang salitang “nganong” ay isang halimbawa ng patanong, samantalang ang saling “damguhon ko” ay isang halimbawa ng pandiwa at ang salitang “ikaw” ay isang halimbawa ng panghalip.
	Sa classroom niyang sobrang sikip **(SL_50)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng isang sitwasyon sa paaralan. Kung saan ang salitang “sa classroom" ay isang halimbawa ng pang-ukol samantalang ang “niyang" ay halimbawa ng panghalip at ang salitang “sobrang” at “sikip" ay isang halimbawa ng pang-uri.
Kahulugan ng Konstruksyon (*Meaning Construction*)	Pana-panahon ang pagkakataon **(SL_2)**	Ang paggamit ng "pana-panahon" ay isang matatalinghagang paraan ng pagtukoy sa paglipas ng panahon at pagbabago ng mga pangyayari. Ang pariralang ito ay nagtatampok ito ng konsepto ng paglipas ng panahon at pagkakataon.
	Ipagpatawad mo, aking kapangahasan **(SL_11)**	Ang pahayag na ito ay nagpapahayag ng pagnanais na magbago o magkaroon ng pagbabago sa sarili, kasabay ng paghingi ng tawad mula sa mga taong nasaktan o naapektuhan ng kanilang kapangahasan.
	At hindi malilimutan ang iyong mga kalokohan **(SL_19)**	Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng pag-unawa o pagtukoy sa hindi nasasabi o hindi malinaw na damdamin ng isang tao, na ipinapakita sa kanilang mga mata. Nagpapahayag ito ng emosyon ng lungkot na nakikita sa pamamagitan ng mga mata ng tao.
	Ipinangako sa liwanang ng buwan **(SL_22)**	Ito ay isang pahayag na nagpapahayag ng kahalagahan ng mga alaala o karanasan sa buhay. Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng kahalagahan ng mga alaala o karanasan, kahit mga kapusukan.
	Ang puso ko'y nangungulila **(SL_27)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pangako o sumpaan na may kaugnayan sa buwan. Kung saan ito ay nagpapahayag ng pangako na may kaugnayan sa ilaw o liwanag ng buwan.
	Kahit buhay pa nila ang nakataya **(SL_30)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng lungkot o pangungulila. Kung saan ito ay nagpapahayag ng damdaming lungkot o pangungulila ng puso.
	Nawa'y iyong ihayag sa bayan kong naduduwag **(SL_34)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagtitiis at sakripisyo para sa bayan. Kung saan nagpapakita ng kahalagahan ng pagtitiis at sakripisyo para sa kabutihan ng iba at ng bayan. Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng panalangin na mabigyan ng liwanag ang bayan na nag-aalanganin. Kung saan ito ay nagpapahayag ng pag-asa na maipakita o maipaliwanag ang katotohanan sa bayan na nag-aalanganin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	Sariling pagraranas ang aking pamamagitan **(SL_38)**	Ang paggamit ng pariralang ito ay nagpapahiwatig ng personal na karanasan at pananaw sa buhay. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng personal na karanasan sa pag-unawa sa buhay at sa paghubog ng sariling pananaw.
	Musmos at kulang pa sa karanasan **(SL_40)**	Ang pagtukoy sa sarili bilang "musmos" at "kulang pa sa karanasan" ay nagpapahiwatig ng kabataan at kawalan ng karanasan sa buhay. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtanggap sa katotohanan at pagkilala sa sariling kakulangan.
	Paano kung wala ka na **(SL_45)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng isang tanong o pag-aalala tungkol sa posibleng pagkawala ng isang minamahal. Kung saan nagpapahayag ng kawalan at pag-aalala sa posibleng pagkawala ng isang mahal sa buhay.
	Lagi kang sumisilip sa aking isip **(SL_49)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang tao ay palaging lumalabas sa isipan. Kung saan ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan o impluwensya ng tao sa isipan ng iba.
	Bitbit ko sa 'king balikat ang binuno sa ibang bayan **(SL_51)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pagdadala ng mga karanasan o pagsubok mula sa ibang lugar. Kung saan naglalarawan ng bigat o pasanin na dala-dala ng isang tao mula sa kanyang nakaraang karanasan o buhay sa ibang lugar.
Matatalinghagang Salita (*Figurative Language*)	Kung hawak ko lamang ang pag-ikot ng mundo **(SL_9)**	Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng mga pangarap, mga hangarin, o mga ambisyon na may kinalaman sa pagkakaroon ng kapangyarihan, kontrol, o impluwensya sa mundo. Ito ay isang hyperbole o pagsasabi ng labis na imposible upang ipakita ang lakas ng damdamin at hangarin ng nagsasalita.
	Para akong isang sirang ulo hilo at lito **(SL_12)**	Ang pahayag na ito ay naglalarawan ng labis na emosyon o kaguluhan sa isipan at damdamin ng nagsasalita. ng paggamit ng "sirang ulo" ay isang metapora para sa labis na kaguluhan o kawalan ng katinuan dahil sa pag-ibig.
	Kailan kaya ako'y 'di na luluha? **(SL_16)**	Ang "luluha" ay nagpapahiwatig ng luha o pagdaramdam. Ang tanong na ito ay nagpapahayag ng pangarap na mawala na ang sakit o pagdurusa sa hinaharap. Ito ay halimbawa ng pagmamalabis dahil sa paggamit ng pagtatanong na "kailan kaya" ay nagpapahiwatig ng matinding pangarap o hangarin.
	Pagkat ang selos ay tanda lang ng pagmamahal ng Pinay **(SL_20)**	Ito ay isang pahayag na nagpapahayag ng pagpapahalaga sa selos bilang isang palatandaan ng pagmamahal. Ang "selos" ay ginagamit upang kumatawan sa damdamin ng pagmamahal ng isang Pinay. Kaya ito ay isang halimbawa ng personipikasyon.
	Magkahawak-kamay sa lilim ng bughaw na langit, umaawit **(SL_28)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagkakaisa at pag-asa sa gitna ng kahirapan o pagsubok. Ang salitang "lilim ng bughaw na langit" ay ginagamit upang kumatawan sa lugar ng kaligtasan at pag-asa, kung saan ito ay halimbawa ng imagery.
	Ikaw ma'y bituin at langit sa aking abang daigdig **(SL_37)**	Ang pagtawag sa minamahal bilang "bituin at langit" ay nagpapahiwatig ng kanyang kahalagahan at pagiging sentro ng kaligayahan at pangarap. Ito ay isang paggamit ng pagwawangis upang ipakita ang mahalagang papel ng minamahal sa buhay ng taong kumakanta.
	Parang kailan lang **(SL_39)**	Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng pagmumuni-muni sa nakaraan at pagkakaroon ng di-makakalimutang karanasan. Ito ay isang pahayag ng paghahambing na nagpapakita ng kahalagahan ng isang partikular na panahon o karanasan sa buhay.
	Parang 'sang kandila na nagdadala ng ilaw at liwanag **(SL_42)**	Ang pariralang ito ay nagbibigay ng paghahambing sa isang kandila at ang damdamin o pagmamahal. Ang paghahambing sa damdamin sa isang kandila ay nagpapahiwatig ng pagiging maliwanag o inspirasyon, kaya ito ay isang halimbawa ng pagtutulad.
	Halik mo'y 'di ko na malilimutan **(SL_46)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng matinding pag-alaala o pagpapahalaga sa mga sandaling kasama ang minamahal. Kung saan ang "halik" ay sumisimbolo sa mga matamis at intimate na sandali ng pagmamahalan. Ito ay halimbawa ng metonimiya.
	Ang bituin akala mo'y naglalaho 'Yun pala sa ulap lang nakatago **(SL_47)**	Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagkakamali sa pag-iisip o pag-aakala. Kung saan ang pahayag na "naglalaho" ay umiiral na sa pag-aakalang nawawala, subalit ito'y natagpuan sa ibang lugar. Ito ay halimbawa ng ironya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sanggunian sa Kultura (*Cultural References*)	Ang katulad mo raw ay birhen sa abang altar ng punong pag-ibig **(SL_8)**	Sa pahayag na ito, ang "birhen sa abang altar" ay isang metaphor para sa kalinis-linisan at kahalagahan ng isang tao sa buhay ng nagsasalita, habang ang "punong pag-ibig" ay nagpapahiwatig ng pinakadakilang anyo ng pagmamahal. Ang konsepto ng pagmamahal at pag-aalay ng sarili sa isang tao, gaya ng isang birhen, ay maaaring may kultural na konotasyon sa ilang tradisyon o paniniwala.
	Narito ang mga palad ko, Handang dumamay kung kailangan mo **(SL_14)**	Ang pagpapahayag ng pagiging handa na maging katuwang sa isa't isa sa mga hamon ng buhay. Ang konsepto ng "pagdadamayan" ay isang kultural na halaga na nagpapakita ng pagmamalasakit at pagkakaisa sa panahon ng pangangailangan.
	Kapag kami'y yumahong lumbay, kami'y samahan don sa Amang kaharian **(SL_36)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pananampalataya sa pangako ng buhay na walang hanggan. Kung saan ito ay tumutukoy sa mga paniniwala ng Kristiyanismo tungkol sa buhay na walang hanggan at ang kaharian ng Diyos.
Komentaryo sa Lipunan (*Social Commentary*)	Kahit maputi na ang buhok ko **(SL_1)**	Ang paggamit ng "maputi na ang buhok ko" bilang isang simbolo ng pagtanda at pagbabago ay isang matatalinghagang paraan upang tukuyin ang patuloy na pagmamahal at pangangalaga sa kabila ng mga pagbabago sa panlabas na anyo. Ipinapakita nito ang pangako ng pangmatagalang pag-ibig at katatagan sa kabila ng pagbabago at paglipas ng panahon.
	Wika mo raw ay iingatan ka magpakailanman ang purong pag-ibig **(SL_8)**	Ang pahayag na ito ay naglalarawan ng pangako ng pagmamahal na may katapatan at kalinis-linisan. Ang "purong pag-ibig" ay nagpapahiwatig ng isang uri ng pag-ibig na walang bahid ng kasakiman o pag-iisip.
	Kung sakaling iwanan ka niya, Huwag kang mag-alala, May nagmamahal sa iyo **(SL_10)**	Nagpapahiwatig ito ng hangarin para sa isang uri ng pag-ibig na malinis at walang bahid ng kasakiman o pag-iisip, na maaaring isaalang-alang na ideal sa lipunan.
	Di ko nais mabuhay pa kung wala sa piling mo **(SL_15)**	Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng mensahe ng pag-asa at pag-asa sa gitna ng mga pagsubok o mga sandali ng pangungulila at pag-iiwan. Ipinapakita nito ang pagiging mapagbigay at handang magmahal kahit na sa gitna ng sakit ng pag-ibig.
	Habol hininga, habol pera **(SL_18)**	Ang pahayag na ito ay maaaring magpahiwatig ng mas malalim na pangangailangan o pagtangkilik sa presensya at suporta ng isang espesyal na tao sa buhay ng nagsasalita. Ipinapakita nito ang pag-asa at pangarap na ang pag-ibig at pagiging kasama ay nagbibigay ng kahulugan at saysay sa buhay.
	Bakit pa iiwanan ang lupang tinubuan **(SL_20)**	Ito ay isang pahayag na nagpapakita ng patuloy na paghabol o pagtakbo. Nagpapakita ng kahirapan at kakapusan sa buhay na nagtutulak sa tao na magtrabaho nang husto upang makamit ang kanyang mga pangangailangan at mga pangarap.
	O, Bathala, dinggin Mo sana **(SL_27)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig ng pag-asa at positibong pananaw. Kung saan nagpapakita ng kahalagahan ng pag-asa at positibong pananaw sa buhay, lalo na sa mga panahon ng pagsubok at kahirapan.
		Ito ay panalangin o hiling sa isang mataas na kapangyarihan. Ang pariralang ito nagpapakita ng pananampalataya at pag-asa sa gitna ng kahirapan o pag-iisa sa pamamagitan ng panalangin sa isang banal na entidad.
	Tila agilang pilit maabot ang langit **(SL_43)**	Ang pariralang ito ay nagbibigay ng paghahambing sa pagtangka na abutin ang hindi abot. Kung saan ito ay nagpapahayag ng pagnanais na abutin ang mga pangarap at layunin sa kabila ng mga pagsubok at limitasyon.
	Ang buhay ay hawak nila **(SL_48)**	Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang kapalaran o direksyon ng buhay ay kontrolado ng mga bata. Kung saan ito ay nagpapakita ng pagkilala sa kakayahan at impluwensya ng mga bata sa lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2
Tema at Mensahe ng Kanta

Liriko	Tema	Mensahe
Kung tayo ay matanda na Kung tayo ay matanda na, sana'y 'di tayo magbago Kailanman, nasaan ma'y ito ang pangarap ko Makuha mo pa kayang ako'y hagkan at yakapin Hanggang sa pagtanda natin? Nagtatanong lang sa 'yo, ako pa kaya'y ibigin mo Kung maputi na ang buhok ko? Pagdating ng araw ang 'yong buhok ay puputi na rin Sabay tayong mangangarap ng nakaraan sa 'tin Ang nakalipas ay ibabalik natin	Pag-ibig at Pagtatanda: Ang pangunahing tema ng kanta ay ang walang hanggang pag-ibig sa kabila ng pagtanda. Ipinapakita nito ang katatagan ng pagmamahalan ng magkasintahan kahit na sila'y tumanda na at humarap sa iba't ibang pagsubok sa buhay.	Walang Hanggang Pagmamahal: Ipinapahayag ng kanta na ang tunay na pag-ibig ay hindi kumukupas kahit na dumaan ang maraming taon at magbago ang pisikal na anyo ng mga nagmamahalan. Tinatampok nito ang kahalagahan ng pagtanggap at pag-aaruga sa isa't isa hanggang sa dulo ng buhay. Sa isang talata, sinasabi ng kanta na ang pagmamahal ay higit pa sa panlabas na anyo at mga material na bagay; ito ay isang pangakong magmamahalan at mag-aaruga sa isa't isa habang-buhay, pinaparamdam na ang tunay na kaligayahan ay makakamtan sa piling ng minamahal kahit sa kanilang katandaan.
Kanlungan Pana-panahon ang pagkakataon Maibabalik ba ang kahapon Natatandaan mo pa ba Nang tayong dal'wa'y unang magkita Panahon ng kamusmusan Sa piling ng mga bulaklak at halaman Doon tayo nagsimulang Mangarap at tumula Natatandaan mo pa ba Inukit kong puso sa punong mangga At ang inalay kong gumamela Magkahawak-kamay sa dalampasigan Malayang tulad ng mga ibon Ang gunita ng ating kahapon Ang mga puno't halaman Ay kabiyak ng ating gunita Sa paglipas ng panahon Bakit kailangan ding lumisan	Pagbabalik-loob: Tema ng pag-aalala sa nakaraan ang tinatalakay sa kantang ito, partikular na sa mga masasayang alaala ng kabataan, at ang pagbabalik-loob sa mga simpleng kasiyahan at mga taong nagbigay ng tunay na kahulugan sa ating buhay.	Pagpapahalaga sa Mga Alaala: Ipinapahayag ng kanta ang kahalagahan ng pag-alala sa mga magagandang alaala ng nakaraan at ang pagbabalik sa mga taong nagbigay ng kahulugan at buhay sa ating buhay. Binibigyang-diin sa kantang ito na sa kabila ng mga pagbabago at paglipas ng panahon, ang mga taong naging bahagi ng ating kabataan at ang mga karanasang nagbigay kulay sa ating buhay ay mananatili sa ating puso. Hinimok ng kanta ang bawat isa na muling balikan at pahalagahan ang mga simpleng kasiyahan at ang mga taong minsang naging kanlungan natin, sapagkat dito natin matatagpuan ang tunay na kaligayahan at kapayapaan ng loob.
Tuwing umuulan at kapiling ka Pagmasdan ang ulan, unti-unting pumapatak Sa mga halama't mga bulaklak Pagmasdan ang dilim, unti-unting bumabalot Sa buong paligid t'wing umuulan Kasabay ng ulan, bumubuhos ang 'yong ganda Kasabay rin ng hanging kumakanta Maari bang huwag ka nang sa piling ko'y lumisan pa? Hangga't ang hangi't ula'y tumila na Buhos na ulan, aking mundo'y lunuring tuluyan Tulad ng pag-agos mo, 'di mapipigil ang puso kong nagliliyab Pag-ibig ko'y umaapaw, damdamin ko'y humihiyaw sa tuwa Tuwing umuulan at kapiling ka	Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-ibig na nadarama tuwing kasama ang minamahal, lalo na sa panahon ng tag-ulan.	Kaligayahan sa Simpleng Sandali: Ang mensahe na ipinapahayag ng kanta ay tungkol sa tunay na kaligayahan na matatagpuan sa mga simpleng sandali kasama ang minamahal, tulad ng pag-ulan. Binibigyang-diin nito na ang pag-ibig ay nagdadala ng init at saya kahit sa mga malamig at maulan na araw. Pinapahayag ng kanta na ang bawat patak ng ulan ay nagiging mas espesyal kapag kapiling ang minamahal. Pinapahiwatig nito na ang mga simpleng kasiyahan at ang pagiging magkasama ay sapat na upang gawing perpekto ang kahit anong sitwasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Tuloy pa rin Tuloy pa rin ang awit ng buhay ko Nagbago man ang hugis ng puso mo Handa na 'kong hamunin ang aking mundo 'Pagkat tuloy pa rin Kung minsan ay hinahanap Pang alaala ng iyong halik (alaala ng 'yong halik) Inaamin ko na kay tagal pa Bago malilimutan ito Kay hirap nang maulit muli Ang naiwan nating pag-ibig (alam ko na 'yan) Tanggap na at natututo pang Harapin ang katotohanang ito	Pagbangon: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagpapatuloy ng buhay at pagbangon mula sa mga kabiguan at pagsubok.	Pag-asa at Katatagan: Ipinapahayag ng kanta na sa kabila ng mga pagsubok at kabiguan sa buhay, mahalaga ang patuloy na pagbangon at pagharap sa mga hamon. Ang mensahe nito ay tungkol sa hindi kailanman tayo dapat panghinaan ng loob sa harap ng mga problema, kundi tayo ay magpatuloy at magtiwala sa sariling kakayahan. Tinuturo ng kanta na ang bawat pagkabigo ay isang pagkakataon upang matuto tayo at maging mas matatag. Ang muling pagsikat ng araw ay simbolo ng bagong pag-asa, at ang pagpapatuloy ay mahalaga upang makamit ang tagumpay at kasiyahan sa buhay. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang buhay ay laging may pag-asa basta't tuloy pa rin ang ating paglakbay.
Di na Natuto Nandiyan ka na naman Tinutukso-tukso ang aking puso Ilang ulit na bang iniiwasan ka Di na natuto Sulyap ng iyong mata Aking nadarama kahit malayo Nahihirapan na lalapit-lapit pa Di na natuto Isang ngiti mo lang at ako'y napapaamo oh Yakapin mong minsan at muling magbabalik sa 'yo Na walang kalaban-laban Ang puso ko'y tanging iyo lamang O heto na naman Laging nananabik ang aking puso Muling bumabalik sa iyong mga halik Di na natuto	Pag-ulit ng Pagkakamali sa Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa paulit-ulit na paggawa ng pagkakamali sa kabila ng mga aral na dapat natutunan na mula sa nakaraan, partikular na sa pag-ibig.	Pagkabigo at Pagkatuto: Ipinapahayag ng kanta ang mensahe na tayong mga tao ay madalas na nahuhulog tayo sa parehong pagkakamali sa pag-ibig kahit pa ilang beses na tayong nasaktan. Sa kabila ng paulit-ulit na pagkabigo, may mga pagkakataon na hindi pa rin tayo natututo, sapagkat ang damdamin at pag-asa natin ay patuloy na umaasa sa pagbabago. Sinasalamin ng kanta ang katotohanang ang puso ay madalas na sumasabay sa emosyon kaysa sa lohika, kaya't kahit alam na ang magiging resulta, patuloy pa rin sa paggawa ng parehong desisyon. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na mahalaga ang pagkatuto mula sa mga nakaraan upang maiwasan ang muling pagkasugat at pagkabigo.
Kay Ganda ng ating Musika Magmula no'ng ako'y natutong umawit Naging makulay ang aking munting daigdig Tila ilog pala ang paghimig Kung malalim damdami'y pag-ibig Kung umapaw ang kaluluwa't tinig Ay sadyang nanginginig Magmula no'ng ako'y natutong umawit Bawat sandali'y aking pilit mabatid Ang himig na maituturing atin Mapupuri pagka't bukod-tangi Di marami ang di-magsasabing Heto na't inyong dinggin Kay ganda ng ating musika Kay ganda ng ating musika Ito ay atin sariling atin At sa habang buhay awitin natin	Pagpapahalaga sa Musika ng Pilipino: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagmamalaki at pagpapahalaga sa ating musika, ipinapakita ang kagandahan at yaman ng ating sariling musika.	Pagmamalaki sa Kultura at Talento ng Pilipino: Ang musikang Pilipino ay may natatanging kagandahan na dapat ipagmalaki at pahalagahan. Binibigyang-diin nito na ang ating musika ay isang mahalagang bahagi ng ating kultura at pagkakakilanlan bilang isang bansa. Ipinapahayag din ng kanta na ang bawat himig at liriko ng ating mga awit ay sumasalamin sa ating kasaysayan, karanasan, at damdamin bilang mga Pilipino. Ang mensahe ng kantang ito ay nagsisilbing paalala at inspirasyon upang patuloy na tangkilikin, pagyamanin, at ipagmalaki ang ating sariling musika, na siyang nagbubuklod sa atin at nagbibigay ng pambansang identidad.
Pag-ibig Noong tangan ng nanay mo Ang munti mong mga kamay Ika'y tuwang-tuwa, Panatag ang loob sa damdaming	Kahalagahan at Kasalimuotan ng Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-ibig, kasama na ang saya, sakit, at ang hindi	Pag-ibig bilang Pwersa ng Buhay: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta na ang pag-ibig ay isang napakahalagang aspeto ng buhay na nagbibigay ng kahulugan at kulay sa ating mga karanasan. Sa kabila ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ika'y mahal... Noong nakilala mo ang una mong sinta Umapaw ang saya at siya'y ibang-iba Sinasamsam ang bawat gunita... Hindi mo malimutan kung kailan Nagsimulang matuto kung paano magmahal At di mo malimutan kung kailan mo natikman Ang una mong halik Yakap na napakahigpit Pag-ibig na tunay hanggang langit	maipaliwanag na halaga nito sa buhay ng tao.	kasalimuotan nito, ang pag-ibig ay nagdudulot ng kagalakan, inspirasyon, at minsan ay sakit, na pawang bahagi ng ating paglalakbay bilang tao. Ipinapakita ng kanta na ang pag-ibig, ay isang pwersang nag-uugnay sa atin sa isa't isa at nagbibigay ng dahilan upang patuloy tayong mangarap at magmahal. Sa kabuoan ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pag-ibig ay nagmumula sa puso, at kahit gaano man kahirap, ito ay isang bagay na karapat-dapat ipaglaban at pahalagahan.
Binibini Binibini sa aking pagtulog Ika'y panaginip ko Panaganip ng kathang dakila Nitong pag-iisip ko Ang katulad mo raw ay birhen Sa abang altar ng punong pag-ibig O kay ganda O kay gandang mag-alay sa 'yo O kay ganda okay gandang mag-alay sa 'yo Alaala at isip at pagod Sa yo'y binigay ko raw Binibini ang aking dalangi't dasal	Pagmamahal at Pagsamba sa Kagandahan ng Isang Dalaga: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa paghanga, pag-ibig, at pagsamba sa kagandahan at kabutihan ng isang dalaga o binibini.	Paghanga at Pag-ibig: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang malalim na paghanga at romantikong damdamin ng isang tao o lalaki para sa isang binibini. Ang kanta ay naglalarawan ng kanyang kagandahan, kabutihan, at ang mga damdaming dulot nito sa isang umiibig. Ipinapahayag ng kanta na ang presensya at pagkatao ng isang binibini ay nagbibigay ng inspirasyon at kasiyahan, na siyang nagdudulot ng matinding damdamin ng pag-ibig at pagkamangha. Ang kanta ay nagsisilbing isang romantikong pagsamba sa kagandahan ng isang dalaga, na nagpapakita ng malalim na pag-ibig at paghanga na maaaring maramdaman ng isang tao para sa kanyang minamahal.
Ikaw na Sana Ikaw ang ilaw ang tanglaw ng buhay ko Ikaw ang langit, ang ligaya at pait Kung hawak ko lamang ang pag-ikot ng mundo Aking pipigilan at babaguhin ang kinabukasan Ikaw na sana ang panaginip kong tunay Ikaw na sana sa paggising ko at paghimlay Ikaw na sana ang ngayon at bukas ko Ikaw na sana ang magpakailanman Ikaw ang tala, ang pangarap ng buhay ko Ikaw ang laging kasama sa aking pagiisa	Pag-asa at Paghahanap ng Tunay na Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay ng pag-asa at paghahanap ng tunay na pag-ibig, ipinapakita ang pagnanais na matagpuan ang tamang tao na makakasama habang-buhay.	Pagtuklas at Pagkilala sa Tadhana ng Pag-ibig: Ipinapahayag ng kanta ang mensahe ng pag-asa na matagpuan ang tamang tao na nakalaan para sa atin. Ang bawat linya ng kanta ay nagpapakita ng pagnanais na ang kasalukuyang minamahal ay siya na ngang inaasam-asam na kapareha habang-buhay. ipnapahayag ng kanta na sa kabila ng mga nakaraang pagkabigo at paghahanap, naroon ang pag-asa at paniniwala na ang tamang tao ay darating sa tamang panahon. Ang kanta ay nagsisilbing inspirasyon na ang paghahanap ng tunay na pag-ibig ay may kahulugan at nagkakahalaga ng paghihintay, at sa wakas ay matatamo rin ang kaligayahan kasama ang itinakdang kapareha.
Nandito ako Mayroon akong nais malaman Maaari bang magtanong Alam mo bang matagal na kitang iniibig Matagal na 'kong naghihintay Ngunit mayroon kang ibang minamahal Kung kaya't ako'y di mo pinapansin Ngunit ganun pa man nais kong malaman mo Ang puso kong ito'y para lang sa iyo Nandito ako umiibig sa iyo Kahit na nagdurugo ang puso Kung sakaling iwanan ka niya	Katapatan at Pagsuporta sa Minamahal: Ang tema ng kanta ay tumatalakay ng katapatan, pagsuporta, at hindi pag-iiwan sa minamahal sa kabila ng mga pagsubok at kahirapan.	Pangakong Mananatili at Magmamahal: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang katapatan at pangako na mananatili sa tabi ng minamahal. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng presensya at suporta sa relasyon, lalo na sa mga panahon ng pagsubok. Ipinapahayag ng kanta na ang tunay na pagmamahal ay hindi nag-iiwan at laging handang umalalay, mag-aruga, at magbigay ng lakas sa minamahal. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagkakaroon ng isang taong laging nandiyan ay nagbibigay ng malaking kasiguraduhan at lakas ng loob, at ito ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng tunay na pagmamahal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipagpatawad mo Ipagpatawad mo, aking kapangahasan Binibini ko, sana'y maintindihan Alam kong kailan lang tayo nagkatagpo Ngunit parang sa'yo, ayaw nang lumayo Ipagpatawad mo, ako ba'y naguguluhan 'Di ka masisi na ako ay pagtakhan 'Di na dapat ako pagtiwalaan Alam kong ngayon lang tayo nagkatagpo Ngunit parang sa'yo, ayaw nang lumayo Ipagpatawad mo, minahal kita agad	Paghingi ng Kapatawaran at Pagsisisi: ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagsisisi at paghingi ng kapatawaran sa nagawang kasalanan sa isang relasyon.	Pag-amin sa Pagkakamali at Pagpapahalaga sa Pag-ibig: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang malalim na pagsisisi ng isang tao sa kanyang mga nagawang pagkakamali at ang taos-pusong paghingi ng kapatawaran mula sa kanyang minamahal. Ipinapahayag ng kanta na ang pag-amin sa sariling pagkakamali ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapatawad at muling pagbubuo ng tiwala. Ipinapakita rin ng kanta ang pagpapahalaga sa relasyon at ang hangarin na itama ang mga pagkukulang upang maibalik ang dating pagmamahalan. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang paghingi ng kapatawaran ay hindi lamang tungkol sa pagtutuwid ng nagawang mali, kundi pati na rin sa pagpapakita ng tunay na pagmamahal at pagpapahalaga sa taong nasaktan.
Araw Gabi Araw-gabi Nasa isip ka, napapanagip ka Kahit sa'n man magpunta Araw-gabi Nalalasing sa tuwa Kapag kapiling ka Araw-gabi tayong dal'wa Biruin mong nasabi ko ang nais kong ipahatid Dapat mo lamang mabatid laman nitong dibdib Tila sampong tangang awitin matapos kong likhain Ito ang tunay na damdamin, tanggapin at dinggin	Walang Hanggang Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa patuloy at walang hanggang pag-ibig na nararamdaman para sa minamahal, araw at gabi.	Naroroon palagi na Pagmamahal: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta na ang tunay na pag-ibig ay hindi nagbabago at laging naroroon, hindi alintana ang oras o pagkakataon. Ipinapahayag nito na ang pagmamahal ay isang damdaming patuloy na sumasaklaw sa bawat sandali ng buhay araw man o gabi. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pag-ibig ay laging naroroon, sumusuporta, at nagbibigay-inspirasyon, na nagpapakita ng dedikasyon at katapatan sa kabila ng panahon at sitwasyon.
Kung kailangan mo ako Mayrong lungkot sa yong mga mata At kay bigat ng yong dinadala Kahit di mo man sabihin Paghihirap mo'y nadarama ko rin Narito ang mga palad ko Handang dumamay kung kailangan mo Asahan mong mayron kang kaibigan Laging tapat sa yo At kung kailangan mo ako Sa oras ng iyong pag-iisa Kung naninimdim Asahan mong ako ay darating Sa sandaling bigo na ang lahat Pusong kay tamis	Kahandaang Tumulong at Pagmamahal: Ang tema ng kanta ay tumatalakay ng pagmamahal at walang kondisyong suporta sa minamahal, ipinapakita ang kahandaang tumulong anumang oras na kailanganin.	Pagtulong at walang Kondisyong Pagsuporta: Ang pinapahayag na mensahe ng kanta ay ang tunay na pagmamahal ay nagmumula sa kahandaang magbigay ng tulong at suporta anumang oras na kailanganin ng minamahal. Ipinaparating ng kanta na kahit ano pa ang pinagdadaanan ng minamahal, palaging nariyan ang taong nagmamahal upang umalalay at magbigay-lakas. Naglalarawan ito ng walang pag-aalinlangang pagnanais na maging sandigan at kanlungan sa panahon ng pangangailangan. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagiging laging nandiyan para sa minamahal, sa kahit anong paraan, ay isang mahalagang aspeto ng tunay na pag-ibig at pagkalinga.
Pagdating ng panahon Alam kong hindi mo pansin Narito lang ako Naghihintay na mahalin Umaasa kahit 'di man ngayon Mapapansin mo rin Mapapansin mo rin Alam kong 'di mo makita Narito lang ako	Paghihintay sa Tamang Panahon ng Pag-ibig at Pag-asa: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-asa at pagtitiyaga sa paghihintay ng tamang pagkakataon para sa pag-ibig.	Pagtitiwala sa Tamang Panahon: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta na ang pag-ibig ay darating sa tamang oras at pagkakataon. Ipinapakita nito na kahit gaano man katagal ang paghihintay, mahalagang manatiling puno ng pag-asa at pagtitiwala na ang tamang tao ay darating at darating sa tamang panahon. Ipinaparating ng kanta na ang bawat karanasan at paghihintay ay may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Hinihintay lagi kita Umaasa kahit 'di man ngayon Hahanapin mo rin Hahanapin din Pagdating ng panahon Baka ikaw rin at ako Baka tibok ng puso ko'y Maging tibok ng puso mo		dahilan at ang hinahanap na pag-ibig ay matatagpuan sa oras na itinakda ng tadhana. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagmamadali ay hindi kinakailangan at ang tunay na pag-ibig ay nagkakahalaga ng paghihintay, sapagkat ito ay darating sa panahon na hindi inaasahan ngunit tamang-tama.
Ang aking Awitin Bakit 'di ko maamin sa iyo Ang tunay na awitin ng loob ko? 'Di ko nais mabuhay pa kung wala sa piling mo Ngunit 'di ko pa rin maamin sa iyo 'Di malaman ang sasabihin 'pag kaharap ka Ngunit nililingon naman 'pag dumaraan na O, kay laking pagkakamali Kung 'di niya malalaman Kaya't sa awitin kong ito'y madarama Sa awitin kong ito'y madarama	Pagpapahayag ng Pag-ibig sa Pamamagitan ng Musika: ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-ibig at kung paano ito ipinapahayag sa pamamagitan ng isang awitin.	Pagmamahal na Ipinapahayag sa Awit: Ipinapahayag ng ng mensahe ng kanta na ang isang awitin ay maaaring maging isang makapangyarihang paraan upang ipahayag ang tunay at taos-pusong pagmamahal. Ipinaparating ng bawat nota at liriko nito ay naglalaman ng damdamin ng isang nagmamahal, na nais iparating ang kanyang mga saloobin at pagnanasa sa minamahal. Ang kanta ay nagsisilbing isang simbolo ng pag-ibig na hindi kayang ipahayag sa simpleng salita lamang, at sa halip ay inilalagay sa isang melodiyang puno ng emosyon at kahulugan. Ito ay isang paalala na ang musika ay may kakayahang magbigay-buhay sa mga damdamin at mensahe ng pag-ibig na nais iparating sa minamahal.
Malayo pa ang Umaga Malayo pa ang umaga, Kahit sa dilim Naghihintay pa rin Umaasang bukas ay may liwanang Sa aking buhay umaga ko'y aking hinihintay. Sadya kayang ang buhay sa mundo Ay kay pait, walang kasing lupit Kailan kaya ako'y 'di na luluha? At ang aking pangarap Ay unti-unting matutupad. Malayo pa ang umaga, 'di matanaw ang pag-asa Hanggang kailan matitiis ang paghihirap ko? At sa dilim hinahanap Ang pag-asa na walang landas Kailan ba darating ang bukas para sa'kin?	Pagsusumikap na harapin ang Pagsubok at Pag-asa: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-asa at determinasyon sa kabila ng mga hamon at kahirapan.	Pagtitiwala sa Hinaharap: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta na kahit gaano man kahirap at kalayo ang tila abot-kamay na tagumpay o liwanag, mahalagang magpatuloy at huwag mawalan ng pag-asa. Ipinaparating ng kanta na bagaman maaaring matagal pa bago marating ang inaasam na umaga o magandang kinabukasan, ang pagsusumikap at paniniwala ay magdadala sa atin doon. Ang bawat linya nito ay nagpapakita ng pag-asa at pagsisikap na kinakailangan upang malampasan ang mga pagsubok, na may kasiguraduhan na darating din ang liwanag pagkatapos ng dilim. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang paghihintay at pagsusumikap ay bahagi ng paglalakbay patungo sa tagumpay at magandang kinabukasan.
Tao Tulad ng isang ibon Tao ay lumilipad Pangarap ang tanging nais Na marating at matupad Isip ay nalilito 'Pag nakakita ng bago Lahat ng bagay sa mundo Ay isang malaking tukso Bakit pa luluha Bakit maghihirap Ayaw mang mangyari Ay di masasabi	Pagkilala sa Pagiging Tao at Pagiging Tapat sa Sarili: Ang mensahe ng kanta ay tumatalakay sa pagiging tunay at tapat sa sarili, at ang pagtanggap sa kahinaan at kalakasan bilang tao.	Pagtanggap sa Sarili Pagyakap sa Pagiging Tao: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta na mahalaga ang pagiging totoo sa sarili at ang pagtanggap sa sariling kakayahan at limitasyon. Ipinapakita nito na ang pagiging tao ay may kasamang mga pagkakamali at kahinaan, ngunit ito rin ay nagtataglay ng likas na kakayahan upang magbago at magpatuloy. Ipinaparating ng kanta na ang bawat isa sa atin ay nagkakamali at nagdadaan sa mga pagsubok, ngunit ang pagtanggap at pagyakap sa ating pagkatao ang magbibigay daan sa tunay na paglago at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sasaktan mo lamang Puso ay huwag sugatan Ito'y laro lamang Sa mundong makasalanan Tubig ay natutuyo		pag-unlad. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagtanggap sa sarili, kasama ang lahat ng ating kahinaan at kalakasan, ay susi sa tunay na kaligayahan at kapayapaan ng loob.
Kayod Kabayo, Kayod Barya Ako'y naglalakad naglalako maghapon Suot-suot pa ang butas na pantalon Kahit saan kung sa'n ako pumaroon Mga paa'y walang hinto sa pagsulong Sa Rutonda Espanya't Morayta Dito ang tinda at benta ay pwede na Ibig ko lang naman ay konting barya Malamnam lang ang gutom na sikmura Kayod kabayo kayod barya Habol hininga habol pera Kayod kabayo kayod barya Habol hininga habol pera Ako'y naglalakad naglalako magdamag Kung saan-saan na ako napadpad	Pagpupursigi sa Buhay at Pagtitiyaga: Ang temang tumatalakay sa kanta ay tungkol sa pagtitiyaga at determinasyon sa harap ng hirap at pagsubok sa buhay.	Pagsusumikap at Kahalagan ng Pagpupunyagi: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang pagtitiyaga at kahalagahan ng pagsusumikap sa bawat araw. Ipinaparating nito na sa gitna ng mga pagsubok at kahirapan, mahalaga ang patuloy na pagsisikap at pagpupunyagi upang makamit ang mga pangarap at mga layunin sa buhay. Ang bawat linya ng kantang ito ay nagpapakita ng determinasyon at lakas ng loob na kailangan upang harapin ang mga hamon ng buhay. Ang kanta ay nagbibigay-inspirasyon sa mga taong nagsusumikap at nagpupunyagi sa kabila ng mga pagsubok, at nagpapaalala na sa pamamagitan ng sipag at tiyaga, maaabot rin ang tagumpay at ginhawa sa buhay.
Ang Buhay nga naman Ang buhay nga naman, 'di mo maintindihan 'Di mo alam kung saan ang hangganan Ang buhay ng tao, sadyang misteryoso 'Di mo alam kung kailan ang katapusan Ngunit, ika'y maaalala sa mga kuwento mong madrama At hindi malilimutan ang iyong mga kalokohan At ika'y pag-uusapan at pagtatawanan Ngunit, mangungulila sa iyong paglisan Ang buhay nga naman, kay lalim ng kahulugan 'Di mo alam kung ano ang kapalaran Ang buhay ng tao sa ibabaw ng mundo	Kagandahan ng Buhay at Pagmumuni-muni sa Kabiguan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagmumuni-muni sa mga karanasang positibo at negatibo sa buhay, at ang pagtanggap sa likas na kalakaran nito.	Kagandahan ng Buhay at Pagtanggap sa Kabiguan: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang pagtanggap sa buhay, kasama na ang kanyang mga pagsubok at kasiyahan. Ipinaparating ng kanta na ang buhay ay puno ng mga hindi inaasahang pangyayari, at kailangan nating tanggapin ito sa kabila ng lahat. Ang bawat linya nito ay nagpapakita ng pag-unawa at pagsasaalang-alang sa mga pagkakataon ng tagumpay at kabiguan. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na sa gitna ng lahat ng hamon at kagipitan, may mga bagay din na dapat nating ipagpasalamat at ipagdiwang. Ang pagtanggap at pagmumuni-muni sa mga ito ay magbibigay sa atin ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa buhay at sa lahat ng kanyang aspeto.
Pinay At kung ikaw ay mag-aasawa Ang kunin mo ay Pilipina Pagkat magaganda ang mga Pinay Di lang sila sa bahay mahusay Kumustahin kung manamit okey lang At kung umibig ay lalong okey ang Pinay Bakit pa iiwanan ang lupang tinubuan Dito ka natuto ng iyong mga kalokohan Baka akala mo'y ganun lamang Ang mamuhay sa ibang bayan At kung ikaw ay mag-aasawa Ang kunin mo ay Pilipina Pagkat magaganda ang mga Pinay Di lang sila sa bahay mahusay	Identidad ng Pilipina at Pagpapahalaga sa Kababaihan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagpapahalaga sa mga kababaihan, pagmamalaki sa kultura at identidad ng Pilipina.	Paggalang sa Kababaihan at Pagpaparangal: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang pagkilala at pagpapahalaga sa ganda at husay ng mga Pilipinang kababaihan. Ipinaparating nito na ang bawat Pinay ay mayroong natatanging kagandahan, talino, at lakas na dapat ipagmalaki at ipaglaban. Ang bawat linya ay nagpapakita ng pagmamalaki at paghanga sa kakayahan at pagkatao ng mga kababaihang Pilipino. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang kababaihan ay may malaking kontribusyon sa lipunan at kultura, at dapat silang iginagalang at pinapahalagahan sa lahat ng oras at pagkakataon.
Pagbabalik Sa gitna ng dilim Ako ay nakatanaw Ng ilaw na kay panglaw	Pagbabalik sa Tahanan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa paghahanap ng sarili, at pagbabalik sa mga alaala at lugar na kinalakhan.	Kahalagahan ng Tahanan at Alaala: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang kahalagahan ng pagbabalik sa mga ugat at pinagmulan, at ang halaga ng mga alaala at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Halos 'di ko makita Tulungan mo ako Ituro ang daan Sapagkat ako'y sabik Sa aking pinagmulan Bayan ko, nahan ka Ako ngayo'y nag-iisa Nais kong magbalik Sa iyo, bayan ko Patawarin mo ako Kung ako'y nagkamali		lugar na bumuo sa ating pagkatao. Ipinaparting nito na sa kabila ng paglipas ng panahon at mga pagbabago sa buhay, ang tahanan at mga alaala ng kabataan ay nananatiling mahalaga at nagbibigay ng pag-asa at lakas. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagbabalik sa ating mga ugat ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan at pag-unawa sa ating pagkatao at pinagmulan, at nagpapaalala sa atin ng mga bagay na tunay na mahalaga.
Nag-iisa, Wala ka na Ang pag-iisa'y 'di na 'di na makayanan Ngunit kailangan kong indahin ang lamig ng gabi Ngunit kailangan kong tanggaping wala ka na sa tabi Nag-iisa wala ka na Wala ka na nag-iisa Alaala'y nagbabalik sa isip Mga larawan ng bawat sandali Pag-ibig nating sinumpaan Pinangako sa liwanag ng buwan Ngunit kailangan kong indahin ang lamig ng gabi Ngunit kailangan kong tanggaping wala ka na sa tabi Wala ka na nag-iisa Nag-iisa wala ka na Ngunit kailangan ko nang masanay	Pagkawala ng Minamahal at Kalungkutan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa kalungkutan, pangungulila, at paghahanap ng kahulugan matapos mawala ang isang minamahal.	Pagtanggap sa Pagkawala at Pagluluksa: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang malalim na kalungkutan at pangungulila ng isang taong naiwan ng kanyang minamahal. Ipinaparating nito na ang pagkawala ng isang mahal sa buhay ay nagdudulot ng matinding kirot at pakiramdam ng pagiging nag-iisa. Ang bawat linya ay nagpapakita ng paghahanap ng kahulugan at pag-asa sa kabila ng kawalan. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang proseso ng pagluluksa at pagtanggap ay mahirap, ngunit ito rin ay bahagi ng buhay. Sa pangkalahatan, ang kanta ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-alala sa mga magagandang alaala at ang pagsisikap na magpatuloy sa kabila ng sakit ng pagkawala.
Kailan Kahit anong aking gawin, 'di mo pinapansin Kailan, kailan hahaplusin ang pusong bitin na bitin Kahit anong gawing lambing, 'di mo pa rin pansin Bakit kaya iniiwas Suot ko ba'y luma't butas Nais ko lang magpakilala Bawat araw sinusundan Umaasa sa'yong tingin Anong aking dapat gawin	Paghihintay sa Tamang Panahon at Pag-asa: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-asa, paghihintay, at pananabik para sa pagdating ng tamang panahon para sa pag-ibig.	Paghihintay para sa Tamang Pagkakataon ng Pag-ibig: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang paghihintay at pananabik para sa tamang pagkakataon na magkatotoo ang isang inaasam na pag-ibig. Ipinaparating ng kanta na ang paghihintay ay bahagi ng proseso ng pag-ibig, at ang bawat sandali ng pagkasabik ay nagdudulot ng pag-asa na balang araw ay darating din ang tamang panahon. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay may sariling oras at panahon, at mahalaga ang pagtitiyaga at pananampalataya na sa huli, ang lahat ng paghihintay ay magbubunga ng tunay at wagas na pag-ibig.
Dahil Nariyan Ka Ang aking puso'y puno ng tuwa dahil nariyan ka At ang bawat tibok nito'y may kakaibang nadarama Kay tagal kong naghintay ngayo'y di na muling mawawalay Ang lubos na ligaya na nadarama ay dahil nariyan ka Ang aking mundo'y biglang sumigla dahil nariyan ka	Pagpapahalaga sa Presensya ng Minamahal at Pagpapasalamat: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagpapasalamat at pagpapahalaga sa taong nagbibigay ng inspirasyon at ligaya sa buhay.	Suporta ng Minamahal at Pasasalamat sa Pag-ibig: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang malalim na pasasalamat at pagpapahalaga sa presensya ng isang mahal sa buhay. Ipinaparating nito na ang bawat araw ay nagiging makulay at puno ng kahulugan dahil sa pag-ibig. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagmamahal at suporta ng isang tao ay mahalaga sa ating buhay, at ito ang nagbibigay sa atin ng dahilan upang magpatuloy at maging masaya.
Huwag mong Sabihin Huwag mong sabihin Na itong puso ko'y	Katapatan sa Relasyon at Pagpapahalaga sa Sinseridad: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa tapat	Tunay na Damdamin at Halaga ng Katapatan: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta na mahalaga ang pagiging tapat at sinsero sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mapanlinlang at di lang minsan nagtaksil Kahit na tayo'y Malayo na ngayon sa isa't isa Ikaw pa rin ang sinisinta wala ng iba Kung ako man ay naligaw ng landas Ikaw pa rin ang lagi kong babalikan Ang maghuhugas	na komunikasyon at ang kahalagahan ng tunay na damdamin sa isang relasyon.	pagpapahayag ng damdamin sa isang relasyon. Ipinaparating nito na mas mabuting maging totoo sa sarili at sa minamahal, kaysa magsalita ng mga bagay na hindi totoo o hindi mo talaga nararamdaman. Ang kanta ay nagsisilbing paalala sa atin na ang katapatan at tunay na pagmamahal ang susi sa isang masaya at pangmatagalang relasyon.
Pumapatak ang Ulan Pumapatak na naman ang ulan sa bu bong bahay Di maiwasang gumawa ng di inaasahang bagay Laklak ng laklak ng beer magdamagan May kahirapan at di maiwasan Mabuti pa kaya, matulog ka nalang at baka sumakit ang tiyan Ang araw ko'y nabubusisi ako and nasisisi Bakit ba sila ganyan Ang pera ko ay di magkasya Hindi makapagsine at ayaw namang dagdagan Ubos na rin ang beer, kaya kape na lang Lahat sinusubukan kahit walang pulutan Ang buhay ng tamad, walang hinaharap	Kagalakan sa Gitna ng Karaniwang Buhay: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagpapahalaga at pagkakaroon ng kasiyahan sa simpleng mga bagay sa pang-araw-araw na buhay, kahit pa may mga hamon at abala.	Pagdiriwang ng Simpleng Kagalakan: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta na sa kabila ng mga abala at hamon na dulot ng ulan sa pang-araw-araw na buhay, may mga simpleng kagalakan at kasiyahan na maaari pa ring maranasan. Ipinaparating nito na ang patak ng ulan ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa mga gawain, ngunit ito rin ay nagbibigay-daan sa mga sandali ng pagninilay at kasiyahan sa simpleng bagay tulad ng pagtambay sa bahay, pag-uusap, at pagiging malapit sa pamilya. Bawat linya ay nagpapakita ng positibong pagtingin sa mga pangyayari at kung paano ito maaaring maging mapagkukunan ng kasiyahan at pagninilay. Sa pangkalahatan ang kanta ay nagsisilbing paalala na kahit sa mga araw na tila puno ng abala at hamon, may mga bagay na maaari pa rin nating ipagpasalamat at maging masaya para sa mga simpleng kasiyahan ng buhay.
Sana Dumating ka na Paano kong pipitasin Ang bulaklak sa hardin Kung wala namang paghahandugan? Paano kong aabutin Ang buwan at mga bituin Kung wala namang pag-aalayan? Naghahanap ng makakasama At karamay sa aking pag-iisa. O, Bathala, dinggin Mo sana Humihiling at umaasa Na sana'y dumating na siya. Paano kong aamuin Ligalig ng damdamin	Pag-asa sa Pagdating ng Tunay na Pag-ibig at Pananabik: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa paghihintay at pananabik sa pagdating ng tamang tao na magbibigay kahulugan at kaligayahan sa buhay.	Paghihintay para sa Tamang Pag-ibig: Ipinapahayag ng mensahe ng kanta ang matinding pananabik at pag-asa sa pagdating ng tunay na pag-ibig. Ipinaparating nito na sa kabila ng mga pag-aalinlangan at paghihintay, ang puso ay nananatiling puno ng pag-asa na balang araw ay darating din ang taong magpupuno sa buhay natin ng pagmamahal at kaligayahan. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang paghihintay ay bahagi ng paglalakbay patungo sa pag-ibig, at sa tamang pagkakataon, darating ang taong magbibigay katuparan sa mga inaasam ng puso.
Alab ng Puso Alab ng puso Sa dibdib ko'y buhay Hinding-hindi sumusuko Sa hirap ma't lumbay Sa mga manlulupig Hindi pasisiil Duyan ng magigiting Hindi paaapi Kabutiha'y batid Limanda'an man taon Ng daluyo't yanig Tayo'y bumabangon Iisang puso pa rin Iisang alab sa dilim Iba't iba man ang mga bituin	Pagmamahal sa Bayan at Pagkakaisa: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa patriotismo, pagmamahal sa sariling bansa, at pagkakaisa ng mga mamamayan.	Paglilingkod sa Bayan at Pagmamahal: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang matinding pagmamahal sa bayan at ang kahalagahan ng pagkakaisa para sa ikauunlad ng ating bansa. Ipinaparating nito na ang bawat mamamayan ay may responsibilidad na alagaan at paglingkuran ang kanilang bansa, gamit ang kanilang mga talento at kakayahan. Bawat linya ay nagbibigay diin sa pag-alab ng damdamin ng bawat Pilipino upang magkaisa para sa ikabubuti ng bayan. Sa pangkalahatan, ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pag-ibig sa bayan ay makikita sa ating mga aksyon at dedikasyon sa pagtaguyod ng kapakanan ng bansa at ng bawat isa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Habang Buhay Kay dami na nating pinagsamahan Kay dami nang pagsubok ang nalagpasan 'Di tayo natinag at ngayo'y narito pa 'Sing tatag ng puno sa gitna ng sigwa Hinarap natin ang bawat hamon Ang tag-ulan at tag-araw ng bawat panahon Ngayon ang pintig ng ating puso'y iisa 'Di kailanman susuko at 'di mawawala Kahit saan kahit kailan Sa atin ay walang iwanan Kung ang puso ay nalulumbay Sasamahan ka maging habang-buhay Umabot man tayo ng sampung dekada Aawit pa rin at maggigitara	Pangako ng Pagmamahalan at Wagas na Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa walang hanggang pag-ibig at pangako ng pagiging tapat at nagmamahalan habang buhay.	Pangako sa Walang Hanggang Pag-ibig: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang matinding pagmamahal at pangako na manatiling tapat at nagmamahalan habang buhay. Ipinaparating nito na ang tunay na pag-ibig ay hindi nagwawakas, at ang bawat araw ay pagkakataon upang patunayan at ipakita ang pagmamahal sa isa't isa. Bawat linya ay puno ng pag-asa at dedikasyon na magsama sa hirap at ginhawa, at magpatuloy sa paglalakbay nang magkasama sa lahat ng hamon ng buhay. Sa pangkalahatan ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pagmamahal ay isang pangakong hindi nasisira, at ito ay nagbibigay ng lakas at inspirasyon upang harapin ang buhay na magkasama.
Bayaning Tunay Bawat araw ay may digmaan 'Di mo man lang nakikita ang kalaban Balot na balot sa panablang saplot Halos walang pahinga Kagipita'y hindi nila iniinda 'Di man lang makapiling ang pamilya Ang maglingkod ang kanilang isinumpa Kahit buhay pa nila ang nakataya Kailangan na sila ay tulungan Hindi natin sila dapat kalimutan Sino pa ba kundi tayo-tayo rin Ang kikilos para sa bayan natin Saludo, saludo Sa inyong kabayanihan Salamat, salamat Sa inyong pagmamalasakit	Pagpupugay sa Tunay na Kabayanihan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagdakila at pagkilala sa mga tunay na bayani na nag-aalay ng kanilang buhay para sa bayan.	Pagpapahalaga sa Mga Bayani at Pagkilala sa kanila: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagdakila at pagkilala sa mga taong nagpakita ng tunay na kabayanihan sa pamamagitan ng kanilang sakripisyo at dedikasyon para sa ating bayan. Ipinaparating ng kanta na ang mga bayani, kahit hindi kilala ay ang mga taong nagpapakita ng tunay na pagmamahal sa bayan sa kanilang mga simpleng gawa. Bawat linya ay nagpapakita ng pasasalamat at paghanga sa kanilang kagitingan at walang pag-iimbot na paglilingkod. Sa pangkalahatan ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang kabayanihan ay hindi lamang nasa mga malalaking gawain kundi sa araw-araw na pagsisikap para sa ikauunlad at ikabubuti ng ating kapwa at ng buong bayan.
Ibang hugis, Ibang kulay Ikaw ay tuwid ako nama'y hindi Pero ‘di ibig sabihin na ako'y mali ‘Di mo alam ang aking pinagdaanan Wala kang karapatang ako ay husgahan ‘Di ko kailangan ang maging tulad mo Ang kailangan ko lang ay maging ako Iba-iba tayo dapat mong tanggapin May mga bagay na ‘di kayang baguhin Wag mong isipin ang sinasabi ng mundo Ang damahin ay pag-ibig ng lumikha sa ‘yo Walang lamang walang angat sa bawat isa	Pagkakaisa at Pagpapahalaga sa Pagkakaiba: Ang tema ng kanta ay tumatalakay tungkol sa pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng tao at pagtanggap sa kanilang mga katangian, at ang hangaring magkaroon ng pagkakaisa sa kabila ng mga ito.	Pagtanggap at Pagkakaisa sa Kabila ng Pagkakaiba: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagtanggap at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat isa. Ipinapahayag nito na bagaman iba-iba ang hugis at kulay ng mga tao, lahat ay may pantay na karapatan at dignidad na dapat igalang at tanggapin. Ipinaparating ng bawat linya ay nagpapakita ng adhikain na magkaroon ng pagkakaisa sa kabila ng mga pagkakaiba-iba ng bawat isa. Sa pangkalahatan, ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pagkakaiba-iba ay isang yaman na dapat pahalagahan at gamitin upang magkaroon ng mas maunlad at makabuluhang lipunan.
Ang Panginoon ang aking Pastol Ang panginoon ang aking pastol pinagiginhawa akong lubos Handog niyang himlaya’y sariwang pastulan Ang pahingahan ko’y payapang batisan Hatid sa kaluluwa ay kaginhawahan Sa tumpak na landas siya ang patnubay	Pagtitiwala sa Diyos at Pananampalataya: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos bilang gabay at tagapangalaga sa buhay ng tao.	Pagtitiwala sa Gabay ng Diyos: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagtitiwala sa Diyos bilang tagapangalaga at gabay sa buhay nating mga tao. Ipinapahayag nito, na ang Panginoon ay siyang nag-aalaga at nagmamahal sa kanyang mga anak, anuman ang mangyari. Bawat linya ay nagpapakita ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos bilang Pastol na laging nasa tabi ng kanyang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang panginoon ang aking pastol pinagiginhawa akong lubos Madilim na lambak man ang tatahakin ko Wala akong sindak siya'y kasama ko		mga alagad. Sa pangkalahatan, ang kanta ay nagsisilbing paalala na sa gitna ng mga pagsubok at kahirapan, mayroong Diyos na laging handang mag-alaga at magbigay ng gabay sa bawat isa.
Tadhana Sa hindi inaasahang Pagtatagpo ng mga mundo May minsan lang na nagdugtong Damang-dama na ang ugong nito Di pa ba sapat ang Sakit at lahat na hinding-hindi ko ipararanas sayo Ibinubunyag ka ng iyong matang Sumisigaw ng pagsinta Ba't di pa patulan ang pagsuyong nagkulang Tayong umaasang hilaga't kanluran Ikaw ang hantungan at bilang kanlungan mo Ako ang sasagip sayo Saan nga ba patungo	Pagtanggap sa Kapalaran at Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa tadhana at kung paano ito nakikialam sa mga pangyayari sa ating buhay, lalo na sa usapin ng pag-ibig at relasyon.	Pagtitiwala sa Pag-ibig at Tadhana: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagtitiwala sa tadhana at ang pag-asa sa kapalaran pagdating sa pag-ibig. Ipinaparating nito na ang mga pangyayari sa buhay ay dulot ng tadhana at kailangan itong tanggapin, lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa pag-ibig. Bawat linya ay nagpapahiwatig ng damdamin ng pag-asa at pangarap na mahanap ang tunay na pag-ibig sa kabila ng mga pagsubok at kawalan. Sa pangkalahatan, ito ay nagsisilbing paalala na ang buhay ay puno ng mga hindi inaasahang pangyayari, ngunit sa kabila ng mga ito, mayroong tadhana na nagbibigay ng direksyon at kapalaran, lalo na sa usapin ng pag-ibig at relasyon.
Panginoon Panginoon patnubayan mo Nawa ang bayan ko nang aming matanto Katotohanan na walang hanggan Nawa'y iyong ihayag sa bayan kong naduduwag Sana'y dinggin ang aming dalangin Muling gisingin ang bayan kong nahihimbing Pag-isahin ang aming diwa't damdamin Pagkat ikaw poon ang kapayapaan Ikaw poon ang katarungan	Pagsamba sa Diyos at Pananampalataya: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pananampalataya at pagsamba sa Diyos bilang tagapagligtas at gabay sa buhay ng tao.	Pagsamba sa Panginoon at Pag-asa: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pag-asa at pagsamba sa Panginoon bilang tagapagligtas at gabay sa buhay nating lahat. Ipinaparting nito na ang Panginoon ay nagbibigay sa atin ng lakas at pag-asa sa gitna ng mga pagsubok at hamon sa buhay na ating kinakaharap. Bawat linya ay nagpapakita ng pananampalataya at debosyon sa Diyos bilang tagapagligtas at nagmamahal sa kanyang mga anak.Sa pangkalahatan, ang kanta ay nagsisilbing paalala sa ating lahat na sa gitna ng mga pagsubok at kahirapan, mayroong Diyos na handang makinig at tumulong sa bawat isa.
Sa'Yo Lamang Puso ko'y binihag Mo Sa tamis ng pagsuyo Tanggapin yaring alay Ako'y iyo habang buhay Anhin pa ang kayamanan Luho at karangalan Kung Ika'y mapa sa'kin Lahat na nga ay kakamtin Sa 'Yo lamang ang puso ko Sa 'Yo lamang ang buhay ko	Pagtitiwala sa Isang Tanging Minamahal at Pagmamahal: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa wagas na pagmamahal at pagtitiwala sa isang tanging minamahal, na handang ialay ang lahat para sa kanya.	Pag-alay ng Sarili at Puso sa Minamahal: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang wagas na pagmamahal at pag-alay ng sarili sa isang minamahal. Ipinaparating ng kanta na ang buong puso at pagmamahal ay inaalay para sa minamahal, na ang bawat tao ay handang magbigay ng lahat ng kanyang kakayahan at panahon. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pagmamahal ay nagsisimula sa pag-alay ng sarili at pagtitiwala sa isang tao, at ito ay nagbibigay ng kahulugan at ligaya sa buhay.
Mahal naming Ina Mahal naming Ina tinatawagan ka Tunay na batis ka ng biyaya Binabalungan ka ng awa at ligaya Nilalapitan ka naming habag Inang sinisinta buksan aming mata Pagkat sa Dios Ama kami ay nagkasala Kapag kami'y yumahong lumbay Kami'y samahan don sa Amang kaharian	Pagbibigay-pugay sa Ina at Pagpapahalaga: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagpapahalaga at pagbibigay-pugay sa mahalagang papel ng isang ina sa buhay ng kanilang mga anak.	Pasasalamat sa Kabutihan ng Ina at Pagsasaludo: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pasasalamat at pagsasaludo sa kabutihan at sakripisyo ng isang ina para sa kanyang mga anak. Ipinapahayag nito na ang ina ay isang anghel sa lupa na handang magbigay ng lahat para sa kanyang mga anak. Bawat linya ay nagpapahiwatig ng paggalang at pagmamahal sa mga gawaing ginagawa ng ina, na nagpapakita ng tunay na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mahal naming Ina tinatawagan ka Tunay na batis ka ng biyaya Binabalungan ka ng awa at ligaya Nilalapitan ka naming habag Inang sinisinta buksan aming mata		pagmamahal at pangangalaga sa kanyang pamilya. Sa pangkalahatan, ito ay nagsisilbing paalala na ang pagmamahal ng isang ina ay walang kapantay at dapat itong pahalagahan at pasalamatan sa bawat sandali.
Umiibig Mayroon akong nais malaman Maaari bang magtanong Alam mo bang matagal na kitang iniibig Matagal na 'kong naghihintay Ngunit mayroon kang ibang minamahal Kung kaya't ako'y di mo pinapansin Ngunit ganun pa man nais kong malaman mo Ang puso kong ito'y para lang sa iyo Nandito ako umiibig sa iyo Kahit na nagdurugo ang puso Kung sakaling iwanan ka niya	Pagtanggap sa Damdamin at Pag-ibig: Ang tema sa kanta ay tumatalakay sa pag-ibig at pagtanggap sa mga damdamin at emosyon na kaakibat nito.	Pagpapahalaga sa Pag-ibig at Pakikiramay: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pakikiramay at pagpapahalaga sa pag-ibig bilang isang malalim at makahulugang karanasan. Ipinapahiwatig nito na ang pag-ibig ay nagdudulot ng kaligayahan at pighati, ngunit ito ay bahagi rin ng ating buhay at nararapat lamang natin itong tanggapin. Bawat linya ay nagpapakita ng pag-unawa at pagtanggap sa mga kahinaan at kahalagahan ng pag-ibig sa buhay ng tao. Sa pangkalahatan, ito ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay isang mahalagang aspeto ng pagkatao na dapat pangalagaan at pahalagahan sa bawat sandali.
Batang bata ka pa Batang-bata ka pa at marami ka pang kailangang malaman at intindihin sa mundo Yan ang totoo Nagkakamali ka kung akala mo na ang buhay ay isang mumunting paraiso lamang Batang-bata ka lang at akala mo na na alam mo na ang lahat na kailangan mong malaman Buhay ay di ganyan Tanggapin mo na lang ang katotohanan na ikaw ay isang musmos lang na wala pang alam	Pag-aalaga sa Kabataan at Pagmamahal: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagmamahal at pag-aalaga sa kabataan, pati na rin ang pagpapahalaga sa kanilang kahalagahan at pagiging vulnerable.	Pagpapahalaga sa Kagandahang-loob ng Kabataan: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagpapahalaga sa inosensya at kagandahang-loob ng kabataan. Ipinaparating nito na ang kabataan ay dapat pahalagahan at protektahan, dahil sila ay mahalaga. Bawat linya ay nagpapahiwatig ng pagmamahal at pag-aalaga sa kabataan, kung saan mayroong mga pangarap at pag-asa na dapat suportahan at ingatan. Sa pangkalahatan ito ay nagsisilbing paalala na ang kabataan ay dapat ituring ng may paggalang at pagmamahal, at sila ay may karapatan na magkaroon ng malusog at mapayapang buhay.
Handog Parang kailan lang Ang mga pangarap ko'y kay hirap abutin Dahil sa inyo Napunta ako sa aking nais marating Nais ko kayong pasalamatan Kahit man lamang isang awitin Parang kailan lang Halos ako ay magpalimos sa lansangan Dahil sa inyo Ang aking bulsa at tiyan ay nagkalaman	Pag-aalay ng Sarili sa Diyos at Pasasalamat: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pasasalamat at pag-aalay ng sarili sa Diyos bilang pagtugon sa biyaya at pagmamahal na ipinapamalas Niya.	Pagpapahalaga sa mga Biyayang Natanggap at Pag-alala: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pasasalamat at pagkilala sa mga biyayang natanggap natin mula sa Diyos. Ipinaparating nito na ang lahat ng tagumpay at biyaya na ating natanggap ay handog mula sa Diyos, at ang tamang tugon ay ang mag-alay ng sarili sa Kanya. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang bawat biyaya at tagumpay ay dapat ipagpasalamat at ialay sa Diyos, na siyang nagbibigay ng lahat ng ito sa ating buhay.
Ang Payo Dapat mong maunawaan Na ikaw ay bata pa lang Musmos at kulang pa sa karanasan Dapat mong intindihin Na nariyan ang iyong mga magulang Lagi kang pagsasabihan at papayuhan [Pagkat/Sadyang] ganyan ang takbo ng buhay	Gabay sa Buhay at Kaalaman: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagbibigay ng payo at gabay sa buhay, na naglalayong magbigay ng kaalaman at patnubay sa mga taong nangangailangan.	Patnubay at Kahalagahan ng Kaalaman: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang kahalagahan ng pagtanggap at pagpapahalaga sa mga payo at gabay na ibinabahagi sa atin ng iba. Ipinaparating nito na ang mga payo ay may kabuluhan at dapat itong pakinggan at pagtuunan ng pansin. Ito ay nagsisilbing paalala na ang pagtanggap at pagsunod sa payo ay magdudulot ng kabutihan at tagumpay sa ating mga buhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Musmos kang kailangan ng tamang gabay		
Himala Pangarap ko'y makita kang naglalaro sa buwan Inalay mo sa akin ang gabing walang hangganan Hindi mahanap sa lupa ang pag-asa Nakikiusap na lang Himala Kasalanan bang Humingi ako sa langit ng isang himala? Kasalanan bang Humingi ako sa langit ng isang himala? Pangarap ko'y makita ang liwanag ng umaga Naglalambing sa 'yong mga mata 'Di mahagilap sa lupa ang pag-asa Nakikiusap sa buwan Himala	Pagtitiwala sa Diyos at sa mga Kababalaghan: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagtitiwala sa mga himala at kababalaghan na maaaring maranasan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos.	Pananampalataya sa Gitna ng Kababalaghan at Pag-asa: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pananampalataya sa gitna ng mga himala at kababalaghan sa buhay. Ipinaparating nito na ang mga himala ay nagaganap sa pamamagitan ng awa at pagmamahal ng Diyos, at ang tamang tugon ay ang pagtitiwala sa Kanya. Bawat linya ay nagpapakita ng pananampalataya at pag-asa sa gitna ng mga pagsubok at kababalaghan, na nagpapakita ng kahalagahan ng pananampalataya sa ating mga buhaySa pangkalahatan ang kanta ay nagsisilbing paalala na sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos, maaaring makakaranas ng mga himala at kababalaghan na nagdadala ng pag-asa at biyaya sa ating mga buhay.
Tuyo nang damdamin Minsan kahit na pilitin mong uminit ang damdamin Di siya susunod, at di maglalambing Minsan di mo na mapigil mapansin Na talagang wala nang naiiwan na pagmamahal At kahit na anong gawin Di mo na mapilit at madaya Aminin sa sarili mo Na wala ka nang mababuga Parang 'sang kandila na nagdadala	Pagpapahayag ng Damdamin at Pag-ral sa Lungkot: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagiging hindi maligaya at pagpapahayag ng mga emosyon na nauugnay sa lungkot at pagdurusa.	Pagtanggap sa Emosyon at Paglalantad: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang paglalantad at pagtanggap sa mga emosyon at damdamin, kahit na ang mga ito ay mapait at malungkot. Ipinaparating nito ang lungkot ay nararamdaman, ngunit ito rin ay isang bahagi ng buhay na dapat nating tanggapin at harapin. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na sa pamamagitan ng pagpapahayag at pagtanggap sa ating mga damdamin, maaari nating malampasan ang mga pagsubok at magkaroon ng pag-asa para sa kinabukasan.
Iduyan mo Iduyan mo ang duyan ko Unti-unting itulak mo at babalik sa isip ko Nang dati na sa kandungan mo Iduyan mo ang duyan ko Unti-unting itulak mo at pakikinggan ang awit mo Sa liwanang ng buwan mahihimbing ako Iduyan mo ang duyan ko Unti-unting itulak mo at mananatili habang mundo'y tahimik Tila agilang pilit maabot ang langit Iduyan mo ang duyan ko	Pagpapalakas ng Loob at Pag-asa: Ang tema ng kanta ay tungkol sa paghahanap ng kaginhawahan at pag-asa sa gitna ng mga pagsubok at paghihirap.	Pagtanggap ng Pag-asa sa Kabila ng mga Pagsubok: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagtanggap ng pag-asa at paghahanap ng kaginhawahan sa gitna ng mga pagsubok sa dumarating sa buhay. ipinaparating ng kanta na ang pag-asa ay dapat palaging hinahanap at hindi kailanman dapat mawalan ng pag-asa sa kabila ng mga paghihirap. Sa pangkalahatan ito ay nagsisilbing paalala na sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos at pagtanggap ng pag-asa, maaari nating malampasan ang mga hamon at magkaroon ng liwanag sa ating mga buhay.
Usahay Usahay, magadamgo ako Nga ikaw ug ako nagkahigugmaay Nganong damguhon ko ikaw Damguhon sa kanunay sa akong kamingaw Usahay, magamahay ako Nganong nabuhi pa ning kalibutan Nganong gitiaw-tiawan Ang gugma ko kanimo, kanimo da. Usahay, magamahay ako Nganong nabuhi pa ning kalibutan	Pagmamahal sa Kabila ng mga Pagsubok at Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-ibig at pagmamahal na nagpapatuloy sa kabila ng mga pagsubok at hamon sa buhay.	Pagmamahal sa Kabila ng Lahat at Pagiging Matatag: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang katatagan at pagmamahal sa kabila ng mga pagsubok at hamon sa buhay. Ipinaparating nito na ang pag-ibig ay patuloy na umaagos sa kabila ng mga paghihirap at pagtitiis. Sa pangkalahatan ito ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay nagbibigay ng lakas at inspirasyon sa mga taong lumalaban sa buhay, at ito ay dapat ipaglaban at pahalagahan sa lahat ng pagkakataon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Nganong gitiaw-tiawan		
Paano Paano kung wala ka na Paano ba ang mag isa Mula ng makasama ka Kung paano'y limot ko na Paano ang pag ibig ko Kung di rin lang laan sayo Ang buhay ng ating mundo Di ko alam kung paano Bago ka lumisan sana'y maturuan mo Na iwasan ang bawat nakasanayan ko At limutin na ang maghintay lagi sayo Paano ba ito	Tungkol sa Pag-ibig at Pagtatanong: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pagtatanong at pag-iisip sa mga komplikadong emosyon at sitwasyon kaugnay ng pag-ibig	Pagtatanong tungkol sa Pag-ibig: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagsusuri at pagtatanong sa mga salik at aspeto ng pag-ibig. Ipinaparating nito na ang pag-ibig ay isang misteryo na nagdudulot ng pag-iisip at pagtatanong sa kung paano ito magaganap at mararanasan. Bawat linya ay nagpapahiwatig ng pagdududa at pag-aalala sa mga hamon at kahinaan ng pag-ibig. Sa pangkalahatan ito ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay isang kumplikadong proseso na nangangailangan ng pagsusuri at pag-unawa, at ito ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga tao na pumiling magmahal at magmahal.
Kahit na Kahit na ikaw pa ay lumisan Halik mo'y 'di ko na malilimutan Lalo na't ikaw pa lang ang minahal Sa simula't katapusan ikaw lamang Ang nagbigay kahulugan sa 'king buhay Kahit na ikaw pa ay lumimot Mundo ko'y tutuloy sa pag-ikot Ang bituin akala mo'y naglalaho 'Yun pala sa ulap lang nakatago Katulad ng pag-ibig mong mapaglaro 'Di ba sa simula sinabi mong walang matitiyak	Pag-ibig na Matatagpuan sa Kabila ng mga Pagsubok: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pag-ibig na matatagpuan at nagpapatuloy sa kabila ng mga pagsubok at hamon sa buhay.	Pag-ibig na Hindi Sumusuko sa kabila ng mga Pagsubok: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ay tungkol sa pag-ibig na hindi sumusuko sa gitna ng mga pagsubok at hamon. Ipinaparating nito na kahit na may mga pagsubok at unos, ang pag-ibig ay patuloy na umaagos at nagpapatuloy. Bawat linya ay nagpapakita ng determinasyon at katatagan ng pag-ibig sa kabila ng mga hamon ng buhay. Sa pangkalahatan, ito ay nagsisilbing paalala na ang tunay na pag-ibig ay matatagpuan at mananatili sa kabila ng mga pagsubok, at ito ay dapat ipaglaban at pahalagahan sa lahat ng oras.
Bilanggo Bilanggo Sa rehas na gawa ng puso mo Bilanggo Sa gapos na dulot ng alaala mo Hanggang kailan ka ba magdaramdam? Hanggang kailan ka ba masasaktan? Pag-isip sa 'yo, maging sa ganito at ganyan Hanggang kailan ka ba maghihintay? Hindi ka ba nagsasawa, Inday?	Pag-asa sa Paglaya at Karanasan ng Pagkabilanggo: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa karanasan ng pagkakabilanggo at ang hangaring makalaya mula rito.	Pangarap sa Gitna ng Pagkakabilanggo at Pag-asa: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta na kahit nasa bilangguan, ang pag-asa ay patuloy na umiiral at ang hangaring makalaya ay matibay na nararamdaman. Nagpapakita ito ng determinasyon at pangarap na makalaya mula sa pagkakabilanggo. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na sa kabila ng mga pagsubok at paghihirap, mayroong pag-asa at pangarap na nagbibigay-buhay at lakas sa mga taong nangangarap ng mas mabuting kinabukasan.
Itanong mo sa mga Bata Ikaw ba'y nalulungkot Ikaw ba'y nag-iisa Walang kaibigan Walang kasama Ikaw ba'y nalilito Pag-iisip mo'y nagugulo Sa buhay ng tao Sa takbo ng buhay mo Ikaw ba'y isang mayaman O ika'y isang mahirap lang Sino sa inyong dalawa Ang mas nahihirapan Masdan mo ang mga bata Masdan mo ang mga bata Ikaw ba'y walang nakikita Sa takbo ng buhay nila	Pananampalataya sa Kabataan at Pag-asa: Ang tema ng kanta ay tumatalakay tungkol sa paghahanap ng pag-asa at pananampalataya sa mga pananaw at damdamin ng mga kabataan.	Pag-asa sa Kinabukasan at Pagbabalik-tanaw: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pagbabalik-tanaw sa mga pananaw at paniniwala ng mga kabataan, na may kasamang pag-asa at pananampalataya sa kanilang kinabukasan. Ipinaparating ng kanta na ang mga kabataan ay may kakaibang pananaw at kakayahan na maaaring maging gabay sa pagtataguyod ng isang mas maaliwalas, mapayapa at makatarungang lipunan. Ang kanta ay nagpapakita ng pag-asa at pananampalataya sa potensyal ng mga kabataan na maging susi sa pagbabago at pag-unlad. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang mga kabataan ay may mahalagang kontribusyon at boses sa lipunan, at ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Masdan mo ang mga bata Ang buhay ay hawak nila		kanilang mga pananaw at damdamin ay dapat pakinggan at respetuhin.
Ginayuma Bakit 'di makayanan na limutin ka? Kahit na anong pilit, 'di ko magawa Hindi ko lubos mawari Kahit trabaho ay labis Lagi kang sumisilip sa aking isip Ginayuma mo ba ako? Ako nga yata ay bihag mo 'Di magawang lumayo Bakit 'di mo mabitiwan ang puso ko? Ngayo'y nalilito kung babalik sa 'yo Ayaw kong mangyari na saktan kang muli	Pag-asa sa Paglaya Panganib ng Pag-ibig: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa panganib ng pag-ibig na nagdudulot ng pangamba at ang pag-asa sa paglaya mula dito.	Babala sa Panganib ng Pag-ibig: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta kung paano makaapekto ang pag-ibig sa isang tao. Ipinaparating ng kanta na ang pag-ibig ay maaaring maging isang sumpa o ginayuma na nagdudulot ng paghihirap at kaguluhan sa buhay ng isang tao. Nagpapakita ito ng pangamba at pangangamba sa kapahamakan na dulot ng pag-ibig na hindi wasto. Ang kanta ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay hindi palaging nagdudulot ng kaligayahan at kapanatagan, at mahalaga ang pag-iingat at pagpili sa mga pag-ibig na papasukin sa ating buhay.
Baka Bukas Sana bukas makalawa bukas makawala Sa tunay na pagkakabilanggo Balang araw magwawakas Imposible sa ngayon baka bukas Ang dating sampu naging lima Reseta'y 'di na nasunod dahil Pinangmatrikula ng anak na 'di makapag-isip Sa classroom niyang sobrang sikip Naghihiraman ng librong punit-punit Kung iisipin mo ngayon imposibleng malutas	Pag-asa sa Kinabukasan at Pananabik: Ang tema ng kanta ay tumatalakay sa pananabik at pag-asa sa mga pagbabagong mangyayari sa hinaharap.	Pag-asang Makakamtan ang Hinaharap: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang pag-asang makakamtan ang mga pangarap at mithiin sa hinaharap. Ipinaparating nito ang pananabik at pag-asa sa mga posibleng magaganap na pagbabago at tagumpay. Bawat linya ng kanta ay nagpapahayag ng determinasyon at pangarap na makamtan ang mga pangarap sa buhay. Ito ay nagsisilbing paalala na sa kabila ng mga pagsubok at hamon, mayroong pag-asa at posibilidad na makamit ang mga pangarap at mithiin sa hinaharap.
Pauwi Na Ako′y pauwi na sa ating bayan Lupang sinisinta, bayang sinilangan Ako'y nananabik na ika′y masilayan Pagkat malaon din akong nawalay Sa ating inang bayan Aking dala-dala'y Sang maleta ng karanasan Bitbit ko sa 'king balikat Ang binuno sa ibang bayan Hawak ko sa aking kamay Ang pag-asang inaasam Na sana′y matupad na rin ang pangarap Na magandang kinabukasan Bayan ko ako′y pauwi na	Pag-uwi sa Tahanan at Pagmamahal: Ang tema ng kanta ay tumatalakay tungkol sa pagmamahal at pag-uwi sa tahanan, na nagbibigay ng damdaming kaligayahan at kapanatagan.	Kaligayahan sa Pag-uwi: Ipinapahayag sa mensahe ng kanta ang kasiyahan at kaligayahan sa pag-uwi sa tahanan matapos ang mahabang paglalakbay o pakikibaka sa buhay. Ipinapahiwatig nito na ang pag-uwi ay nagdudulot ng tuwa at kapanatagan sa puso ng bawat tao. Ang bawat linya ng kanta ay nagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa mga sandali ng kasiyahan at kapayapaan sa tahanan. Ito ay nagsisilbing paalala na ang tahanan ay isang lugar ng pagmamahal at kaligayahan na dapat laging binabalikan at pinapahalagahan.

DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng detalyadong talakayan, pati na rin ang mga kongklusyon at implikasyon para sa mga susunod na pananaliksik na nakabatay sa mga resulta ng pagsusuri. Malinaw na ipinakita sa pag-aaral na ito ang layuning tuklasin ang mga piling kanta ni Noel Cabangon gamit ang morpo-semantikong pamamaraan, gayundin ang pangkalahatang tema at mensahe ng mga ito.

Sa pag-aaral na ito, ang talakayan ay hinati sa dalawang mahalagang katanungan upang masusing suriin ang mga piling kanta ni Noel Cabangon. Ang unang katanungan ay nakatuon sa morpo-semantikong proseso, partikular sa pagsusuri ng matatalinghagang parirala at sugnay na ginamit sa kanyang mga kanta. Sakop nito ang mga proseso tulad ng affixation o pagdaragdag ng panlapi, pagpapahaba ng mga salita, panghihiram mula sa ibang wika, at palit-koda. Kasama rin dito ang pagsusuri sa leksikal na kategorya, kahulugan ng konstruksyon, at matatalinghagang salita na nagpapayaman sa mensahe ng mga awitin. Bukod dito, mahalaga ring tingnan ang mga sanggunian sa kultura at komentaryo sa lipunan na nakapaloob sa mga kanta, na nagbibigay-diin sa mga temang may kaugnayan sa identidad at karanasan ng mga Pilipino. Samantala, ang ikalawang katanungan ay naglalayong tukuyin at talakayin ang mas malawak na tema at mensahe ng mga kanta, na madalas sumasalamin sa mga isyung panlipunan, pag-ibig sa bayan, at adhikain para sa pagbabago, na nagpapakita ng malalim na pakikisalamuha ni Cabangon sa lipunang kanyang ginagalawan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Morpolohikal na mga Katangian sa mga Piling Kanta ni Noel Cabangon

Morpolohiya ang isa sa pinakamahalagang aspeto ng komunikasyon. Bilang isang sangay ng linggwistika, ito ay tumutukoy sa pag-aaral ng anyo ng mga salita, partikular na ang mga morpema, na siyang itinuturing na pinakamaliit na yunit ng wika. Ang mga morpema ay maaaring mga salitang-ugat o mga panlapi, na kapag pinagsama ay bumubuo ng iba't ibang anyo ng mga salita. Ang konsepto ng morpolohiya ay hango sa agham ng biology, ngunit sa wika, ito ay nakatuon sa pag-aaral ng mga pagbabago sa hugis at anyo ng mga salita. Sa madaling salita, sinusuri ng morpolohikal na pag-aaral kung paano nagbabago ang mga salita sa pamamagitan ng mga panlapi at iba pang morpolohikal na proseso, gaya ng kung paano nabubuo ang mga bagong salita mula sa mga dati nang umiiral. Ang bawat bagong balbal o kaswal na terminong nabubuo ay resulta ng mga morpolohikal na pagbabago sa wika (Nordquist, 2020)

Sa pag-aaral ng mga piling kanta ni Noel Cabangon, natukoy ang apat na pangunahing morpolohikal na katangiang namamayani: affixation, pagpapahaba, panghihiram, at palit-koda. Ang mga prosesong ito ay makikita sa mga kantang isinuri, kung saan marami sa mga liriko ni Cabangon ay gumagamit ng mga matatalinghagang salita na may malalim na kahulugan at sangkap na morpolohikal. Halimbawa, ang panghihiram ng mga salita mula sa ibang wika, pagpapahaba sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga pantig, paggamit ng affixation o mga panlapi, at ang pagpapalit ng koda o wika ay ilan lamang sa mga teknikong ginagamit sa kanyang mga awitin. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit pang napayaman ni Cabangon ang kanyang mga liriko, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pagpapahayag ng mga damdamin at mensahe.

Isa sa mga pinakapansin-pansing morpolohikal na katangian sa mga kantang isinuri ni Noel Cabangon ay ang panghihiram. Ang proseso ng panghihiram ay nangyayari kapag ang isang wika ay tumatanggap ng mga salita, parirala, o konsepto mula sa ibang wika. Karaniwan itong nagaganap kapag may interaksyon sa pagitan ng mga kultura, lalo na kung nagkakaroon ng palitan ng mga ideya, teknolohiya, o produkto. Sa ganitong paraan, nagiging bahagi ng bokabularyo ng isang wika ang mga bagong salita mula sa iba, kahit hindi ito likas o orihinal na bahagi ng kanilang wika.

Ang panghihiram o borrowing ay isang proseso ng pagkuha ng salita mula sa ibang wika at pag-aangkop nito sa sariling wika, kung saan nananatili ang orihinal na kahulugan ng salita. Sa wikang Filipino, maraming salitang hiram mula sa iba't ibang wika, kabilang ang Espanyol, tulad ng salitang "sombrero" na nananatili ang parehong kahulugan nito. Sa panghihiram, nagiging bahagi ng bokabularyo ng isang wika ang salitang hiram, habang pinapanatili ang estruktura at kahulugan nito galing sa pinagmulan. Ang mga klaseng uri ng salita ay nagiging mahalagang aspeto sa pakikipag-ugnayan, lalo na sa mga bansa o rehiyon na may mataas na antas ng bilingguwalismo. Sa katunayan, ang paghiram ng leksikal ay madalas na nagsisilbing solusyon sa pangangailangan ng isang wika upang makabuo ng mga bagong termino, lalo na sa mga teknikal na larangan. Mahalaga rin ang panghihiram sa pagpapalawak ng prestihiyo ng isang wika, lalo na kapag ang mga hiram na salita ay mula sa mga prestihiyosong wika o kultura. Ang prosesong ito ay nagpapakita ng dinamismo ng wika, na patuloy na nag-aangkop sa pagbabago ng panahon at sitwasyon (Lesada, 2017).

Isa rin sa mga nasuring piling kanta ni Noel Cabangon ang morpolohikal na pagpapahaba o *compounding*. Ito ay isang proseso sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapakabit ng dalawang o higit pang salitang-ugat upang makabuo ng isang bagong salita na may bagong kahulugan. Sa pamamagitan ng pagpapahaba, maaari nating lumikha ng mga salitang may mas malalim na kahulugan o mga salitang nagpapahayag ng mas spesipikong konsepto.

Ang pagpapahaba ay ang proseso ng pagsasama ng dalawang o higit pang salitang-ugat upang makabuo ng isang bagong salita na may mas malalim o espesipikong kahulugan. Halimbawa, sa mga kantang sinuri, ang paggamit ng mga *compound words* ay nagpapahayag ng mas malalim na kaisipan at damdamin na nagiging sentral na mensahe ng kanyang mga awit. Ang prosesong ito ay nagpapalawak sa kakayahan ng isang wika na ipahayag ang mas detalyadong mga konsepto at ideya, na siyang nagiging mahalagang aspeto ng malikhaing pagsulat. Sa pamamagitan ng morpolohikal na pagpapahaba, nagiging mas malikhain ang wika sa pagpapahayag ng damdamin at ideya, at mas nagiging masining ang pagkakaayos ng mga salita (Nordquist, 2019).

Pangatlong pinakagamiting morpolohikal na katangian sa mga piling kanta ni Noel Cabangon ay ang *affixation*. Ito ay isang proseso sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mga panlapi tulad ng unlapi, gitlapi, at hulapi sa mga salitang-ugat upang magbago o magdagdag ng kahulugan. Ang unlaping "pag-", halimbawa, ay isang halimbawa ng *affix* na nagpapakita ng isang proseso o aksyon. Sa pamamagitan ng *affixation*, nabubuo ang mga bagong salita na may iba't ibang kahulugan o diwa batay sa uri ng panlapi na idinagdag.

Pang-apat at panghuling morpolohikal na katangian na aking ginamit sa pagsusuri ng mga piling kanta ni Noel Cabangon ay ang konsepto ng palit-koda o *code-switching*. Ang palit-koda ay ang paglipat o pagsasalit-salit ng dalawang wika o higit pa sa loob ng isang pangungusap o usapan. Halimbawa, sa isang sitwasyon kung saan ang isang tao ay nagsasalita ng Filipino at biglaang gumagamit ng Ingles na salita o parirala, ang ganitong pagbabago ay itinuturing na palit-koda. Ang ganitong uri ng pagpapahayag ay karaniwang makikita sa mga taong bihasa sa higit sa isang wika, at ginagamit ito bilang isang epektibong paraan upang maiparating nang mas malinaw at mas eksakto ang kanilang saloobin o kaisipan. Sa pagsusuri ng mga kanta ni Cabangon, ang palit-koda ay nagpapakita kung paano niya nagagawang magtagpo ang iba’t ibang kultura at pananaw, pinapalalim ang kahulugan ng kanyang mga kanta at nagiging mas konektado ang kanyang mensahe sa mga tagapakinig na bilingguwal o multilingguwal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Aspeto ng Semantika sa mga Piling Kanta ni Noel Cabangon

Ang leksikal na semantika ay isang sangay ng lingguwistika na nakatuon sa masusing pag-aaral ng kahulugan ng mga salita. Sa deskriptibong pananaw, tinatalakay nito ang dalawang pangunahing aspeto: una, ang panloob na semantikong estruktura ng mga salita, o kung paano nabubuo ang kahulugan sa loob ng isang salita; at ikalawa, ang mga semantikong relasyon na umiiral sa loob ng bokabularyo. Kabilang dito ang mga ugnayan ng mga salita, tulad ng pagkakatulad at pagkakaiba sa kahulugan, na nagbibigay linaw sa kung paano nabubuo ang koneksyon ng mga salita sa mas malawak na konteksto ng wika (Geeraerts, 2017).

Sa patuloy na pagsuri ng mga piling kanta ni Noel Cabangon, maliban sa mga morpolohikal na mga katangian lumalabas na may apat din na aspeto ng semantka ang namukod sa ginawang pagsusuri sa mga korpora ng pag-aaral. Ito ay ang leksikal na kategorya, kahulugan ng konstruksiyon, matatalinghagang salita, komento sa lipunan at sanggunian ng kultura. Sa mga nasuring mga piling kanta ni Noel Cabangon napag-alaman na iilan sa mga ito ay may maraming mga matatalinghagang salita kung saan napapabilang ito sa aspeto ng semantika. Ang mga ito ay ang sumusunod: matatalinghagang salita, kahulugan ng konstruksiyon, leksikal na kategorya, komento sa lipunan at sanggunian sa kultura.

Isa sa pinakagamitin na aspeto ng semantika sa ginawang pagsusuri ng mga piling kanta ni Noel Cabangon ay ang matatalinghagang salita. Ito ay mga pahayag na hindi literal ang kahulugan kundi gumagamit ng mga talinghaga upang magpahayag ng mas malalim o mas makulay na kahulugan. Halimbawa, ang "butas ang bulsa" ay hindi literal na may butas ang bulsa kundi nangangahulugang wala nang pera. Ginagamit ang ganitong uri ng wika upang magbigay ng mas matingkad na imahe o damdamin sa sinasabi.

Pangalawang pinakagamitin na aspeto ng semantika sa pagsusuri ng mga piling kanta ni Noel Cabangon ay ang kahulugan ng konstruksiyon. Ang konseptong ito ay tumutukoy sa proseso ng pagbuo o paggawa ng isang bagay, na naglalaman ng mas malalim na mga aspeto at konteksto. Sa simpleng salita, ang konstruksiyon ay nagsisilbing paliwanag o depinisyon ng proseso ng paglikha maaaring ito man ay isang pisikal na estruktura tulad ng gusali, o isang abstraktong anyo gaya ng isang pangungusap. Ang pagsusuri sa kahulugan ng konstruksiyon ay nagbibigay-diin sa paraan ng pagbuo ng ideya at mensahe sa loob ng isang kanta, kung saan ang bawat elemento ay may bahagi at layunin sa kabuuan ng paglikha. Sa ganitong paraan, nauunawaan natin ang masalimuot na interaksyon ng mga bahagi na bumubuo sa isang mas makabuluhang mensahe, na tumutulong sa ating pagtanggap at pag-unawa sa sining ni Cabangon.

Pangatlong aspeto ng semantika na pinakagamitin sa pagsusuri ng matatalinghagang salita sa mga piling kanta ni Noel Cabangon ay ang leksikal na kategorya. Ang leksikal na kategorya ay tumutukoy sa mga klase ng salita sa isang wika, na nahahati batay sa kanilang gamit at kahulugan. Sa simpleng salita, ito ay ang mga grupo ng salita, tulad ng pangngalan *(nouns)*, pandiwa *(verbs)*, pang-uri *(adjectives)*, at pang-abay *(adverbs)*. Ang mga kategoryang ito ay hindi lamang nagsisilbing organisasyon ng mga salita kundi nagbibigay din ng istruktura sa kung paano ginagamit ang mga ito sa pangungusap. Sa pagsusuri ng mga kanta ni Cabangon, ang pag-unawa sa leksikal na kategorya ay nagiging mahalaga upang mas maipaliwanag ang mga matatalinghagang pahayag at simbolismo. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga kategoryang ito, mas nagiging maliwanag ang paraan ng pagkakaayos at pagkakabuo ng mga ideya sa kanyang mga liriko, na nagdadala sa mga tagapakinig sa mas malalim na pagninilay at interpretasyon ng kanyang sining.

Pang-apat na aspeto ng semantika na ginamit sa pagsusuri sa pag-aaral na ito ay ang komento sa lipunan. Ang aspektong ito ay tumutukoy sa pagpapahayag ng opinyon o puna hinggil sa mga isyung panlipunan, na maaaring ipahayag sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining, tulad ng pelikula, musika, at literatura. Ang mga pahayag na ito ay naglalayong magbigay-pansin sa mga problema, kasanayan, o kalagayan sa lipunan, na nagbibigay-diin sa kanilang mga epekto at kahalagahan. Sa pamamagitan ng paggamit ng komento sa lipunan, ang mga artista at manunulat ay may kapangyarihang magbigay ng kamalayan at mag-udyok ng pagbabago, na nagsisilbing boses ng mga taong madalas na nananatiling tahimik. Ang pagsusuri ng mga kantang isinulat ni Noel Cabangon, halimbawa, ay nagpapakita kung paano niya ginagamit ang kanyang sining hindi lamang para sa aliw kundi bilang isang plataporma upang talakayin ang mga isyu na mahalaga sa kanyang mga tagapakinig, na nag-uudyok sa kanila na pag-isipan at suriin ang kanilang paligid at ang kanilang papel dito.

Panghuli at ang may pinaka maikling nasuri sa aspeto ng semantika sa pag-aaral na ito ay ang sanggunian ng kultura. Ito ay tumutukoy sa pagtukoy o pagbanggit ng isang elemento, simbolo, o pahayag na nauugnay sa isang partikular na kultura. Ito ay maaaring maging isang tanyag na kanta, pelikula, libro, kasabihan, o kaganapan na kilala sa loob ng isang grupo ng tao. Ang paggamit ng mga sanggunian ng kultura ay nakakatulong upang magbigay ng mas malalim na kahulugan o konteksto sa isang usapan o akda, at madalas itong nagiging tulay upang mas madaling maintindihan o makaugnay ang mga tao sa mensahe o ideya na ipinapahayag.

Implikasyon sa Edukasyon

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang kaalaman na makakatulong sa pag-unlad ng edukasyong kurikulum. Ang importansya nito ay makikita sa pakikibahagi ng bawat institusyong pang-edukasyon tulad ng Department of Education (DEPED) at Commission on Higher Education (CHED) sa paglutas ng mga isyung pang-edukasyon at panlipunan. Isang halimbawa nito ay ang pagsasaalang-alang sa epekto ng maling pag analisa ng mga matalinghagang salita o parirala sa kanta.

Ang pag-aaral na ito ay may malaking implikasyon sa edukasyon, partikular na sa larangan ng Filipino at Musika. Sa pamamagitan ng pagsusuri nito maaaring makita ng mga guro at mambabasa ang mas malalim na kahulugan ng mga liriko at mensahe na nais iparating ng manlilikha. Ang mga kanta ni

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Noel Cabangon, na kadalasang naglalaman ng mga temang panlipunan, politikal, at kultural, ay nagbibigay ng konteksto at pag-unawa sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng bansa. Maaaring ang pag-aaral na ito ay magsilbing materyal sa pagtuturo upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga mambabasa sa mga isyung panlipunan at mag-udyok ng kritikal na pag-iisip at malalim na diskurso.

Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap

Sa mga hinaharap na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga pagsuri ng matatalinghagang parirala o sugnay, tema at mensahe ng mga piling kanta ni Noel Cabangon. Maaaring palawakin pa ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng mas maraming kanta ni Noel Cabangon upang magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa mga tema at mensaheng ipinapahayag sa kanyang musika.

Maaari ring ikumpara ang kanyang mga kanta sa mga likha ng iba pang musikero sa Pilipinas upang matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa paggamit ng wika at retorika sa pagpapahayag ng mga isyung panlipunan. Bukod dito, mainam na pag-aralan ang epekto ng kanyang mga kanta sa mga tagapakinig mula sa iba't ibang demograpiko upang makita kung paano nakakaimpluwensya ang kanyang musika sa kamalayan at pananaw ng mga tao tungkol sa mga usaping panlipunan.

Inirerekomenda ng mananaliksik na pag-aralan ang wika at retorika ng mga kanta ni Noel Cabangon nang mas detalyado, dahil ang kanyang musika ay puno ng mga simbolismo at malalim na kahulugan. Maaaring suriin kung paano niya ginagamit ang mga pahayag na may malalim na kahulugan upang pukawin ang damdamin ng mga tagapakinig at mag-udyok ng pagninilay at pagkilos sa mga isyung panlipunan. Mahalaga ring tukuyin ang mga tiyak na elemento ng kanyang pagsusulat, tulad ng mga metapora at imahen, na tumutulong sa paglikha ng mas maayos na koneksyon sa bawat tagapakinig.

Konklusyon

Ang pangunahing hangarin ng pananaliksik na ito ay suriin ang iba't ibang matatalinghagang parirala/sugnay sa mga piling kanta ni Noel Cabangon gamit ang morpo-semantik na pamamaraan, kasabay ng pagsusuri sa tema at mensahe ng kanyang mga piling kanta. Ayon sa mga datos na nakalap, kakikitaan ng malalim na paggamit ng wika ang mga kanta ni Cabangon. Bagama’t may mga kantang gumamit ng mas direktang pamamaraan ng pagpapahayag, nagawa pa rin nito na maghatid ng makabuluhang mensahe at damdamin na akma sa karanasan ng bawat tagapakinig. Karamihan sa mga kanta ay nagpapakita ng wastong paggamit ng matatalinghagang pananalita na nanatili ang ideya at diwa ng orihinal na manunulat.

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito’y hindi naging madali, lalo na’t kinakailangan ang masusing pagsusuri at dobleng pag-aanalisa upang maiwasan ang pagkakamali. Napagtanto ko na ang ganitong paraan ng pagsusuri ay kinakailangan ng mahabang pasensiya, matinding pagpupursige, at paninindigan upang matapos nang maayos. Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na may malaking implikasyon ang pananaliksik na ito sa kaunlaran ng aking akademikong kapasidad, maging sa iba, at mas napalawak ang aking kaalaman na magagamit hindi lamang sa kasalukuyan kundi pati na rin sa hinaharap.

TALASANGGUNIAN

1. *American Psychological Association (APA) Ethical Standards of Psychologist.*
2. *Andreou, M. (2017). Lexical semantic framework for morphology. In Oxford Research Encyclopedia of Linguistics.*
3. *Astrero, E. (2019). The Millenials’ Awareness and Understanding of Philippine English. Research Gate*
4. *Atiya, C.N. & Putra, I.G.A.C.S. (2023). An Analysis of Fugurative Language Used in Philip David Wickham’s Songs. Austronesian: Journal of Language Science & Literature.*
5. *Baker, M. & Croft, W. (2017) Lexical Categories: Legacy, Lacuna, and Opportunity for Functionalists and Formalists.*
6. *Beauchamp, T.L. & Childress, J. Principles of Biomedical Ethics*
7. *Bogdan, R. & Biklen, S.K. (1981). Qualitative Research for Education an Introduction to Theory and Methods.*
8. *Bhandari, P. (2020). What is Qualitative Research? /Methods & Examples.*
9. *Carvajal, D.N. (2019). Why Noel never gets tired singing ‘Kanlungan’.*
10. *Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018). Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches, 4th Edition, SAGE Publication Inc. Thousand Oaks.*
11. *Durkin, P., & Hickey, R. (2020) Contact and Lexical Borrowing*
12. *Gardner-Chloros, P. (2020). Code-Switching. Cambridge University Press.*
13. *Guba, E.G. & Lincoln, Y.S. (1994). Competing paradigms in qualitative research. Handbook of qualitative research.*
14. *Hacken, P.T. (2019) Compounding in Morphology*
15. *Halu, D.A., Sembiring, E.N., Tagiran, N.W. (2021) An Analysis of Figurative Language in Ariana Grande’s Album “Thank U, Next”*
16. *Hamilton, J. (2021). Compound Formation in English: A Cognitive Linguistic Perspective. Cambridge University Press.*
17. *Hasanah, R. (2022) An Analysis of Figurative Language in Use Song Lyric “insyaallah”, “hold my hand”, “palestine will be free” by maher zain*
18. *Hickey, R. (2009). Language Change. Essen University.*
19. *Jackson, S. J., & Welles, B. F. (2020). Hashtag Activism: Networks of Race and Gender Justice. The MIT Press.*
20. *Križaníková, K. (2015). Neologisms in English Language Blog Posts.*
21. *Krippendorff (2004). Research Methodologies Guide.*
22. *Lesada, J. (2017). Taglish in Metro Manila: An Analysis of Tagalog-English Code-Switching. University of Michigan.*
23. *Lincoln, Y.S. & Guba, E.G. (1985). Naturalistic Inquiry, SAGE. Thousand Oaks.*
24. *Lincoln, Y.S. & Guba, E.G. (1985). Naturalistic Inquiry, Sage Publications.*
25. *Long, J., He, J. (2021) Cultural Semiotics and the Related Interpretation*
26. *Lou, A. (2020) Critical Discourse Analysis / Definition, Guide & Examples.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

27. *Lou, A. (2019) Content Analysis / Guide, Methods & Examples.*
28. *McGee, E. R., & Alvarez, J. T. (2020). The Power of Figurative Language in Literature and Communication. Cambridge University Press.*
29. *MacWhinney, B., & Van Petten, C. (2020). Contextual Integration and Memory Retrieval in Language Processing. Springer.*
30. *Muhammad, F., Hidayat, D.N., Alek, (2021). An Analysis of Figurative Language in Maroon 5 – Nobody's Love Song Lyrics*
31. *Morse, J.M., Barrett, M., Mayan, M., Oslon, K. & Spiers, J. (2002). Verification strategies for establishing reliability and validity in qualitative research International Journal of Qualitative Methods.*
32. *Morse, J.M. (2015). Critical Analysis of Strategies for Determining Rigor in Qualitative Inquiry. Qualitative Health Research.*
33. *Noble, H. & Smith, J. (2014). Qualitative Data Analysis: A Practical Example.*
34. *Nordquist, R. (2020). Definition and examples of English morphology.*
35. *Nordquist, M. (2022). Compound Words in English: Structure and Usage. Oxford University Press.*
36. *Putri, T.I. & Triyono, S. (2018). "We Shall Overcome" A Humanity Song by Roger Waters: Critical Discourse Analysis.*
37. *Sa'idah, N. (2023). A Stylistic Analysis of Figurative Language in the Four (Deluxe) Album by One Direction. Undergraduate thesis, Universitas Islam Sultan Aguing.*
38. *Sahardin, R. Hudiya, S. & Samad, I.S. (2020). An Investigation of Word Formation Processes of Indonesian Slang Words. Humanities and Social Sciences Reviews.*
39. *Saure, J. & Jancinal, R. (2024) Discourse Analysis on the Figurative Language Found in Poetry Compositions of Grade 10 World Literature Student*
40. *Scribbr, Ethical Considerations in Research / Types & Examples.*
41. *Setiawati, W., & Maryani, M. (2018, June 11). An Analysis of Figurative Language in TaylorSwift's Song Lyrics. Project (Professional Journal of English Education)*
42. *Staff sites UNY. (2008). Semantik bahasa Jawa.*
43. *Susanti, M.P. (2016). A Critical Discourse Analysis of the Songs' Lyrics in Gypsy Heart Album by Colbie Caillat.*
44. *Thi, N. T. (2020). Enhancing students' problem identification in translation teaching in an English language program.*
45. *Ward, A. (2019) Popular song and narratology: Exploring the relationship between narrative theory and song lyrics through creative practice.*
46. *Waruwu, T.A.D., Budiarta, W. at Muliana, N. (2022) Meaning and Messages of the Song Lyrics in Iwan Fals' "Wakil Rakyat" Album.*
47. *Widdowson, H.D. (2004). Text, Context, Pretext: Critical Issues in Discourse Analysis, Oxford: Blackwell.*
48. *World Medical Association (WMA) Ethical Principles for Medical Research Involving Human Subjects.*
49. *Yliopisto, J. (2013). The Effect of Topic on Word Formation and the Frequency of Neologism Use on Internet Forums, University of Jyväskylä.*